# Saloobin Ng Mga Mag-Aaral Sa Artipisyal Na Katalinuhan Ukol Sa Paggamit Ng Mga Terminolohiyang Filipino

Ylyn N. Villaflor [a]

[a] ylyn56@gmail.com
[a]Faculty of Davao City National High School, F. Torres St., Davao City, 8000, Philippines

**Abstrak**

Sinuri sa pag-aaral na ito ang ugnayan sa pagitan ng saloobin sa paggamit ng artipisyal na katalinuhan (AK) at paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ng mga mag-aaral. Ginamit ang deskriptib-korelasyonal na disenyo upang matukoy ang antas ng bawat baryabol, ang kanilang ugnayan, at ang impluwensiya ng mga domeyn ng saloobin sa AK sa paggamit ng terminolohiyang Filipino. Ang mga kalahok ng pag-aaral ay binubuo ng 390 mag-aaral, at ang datos ay nakalap sa pamamagitan ng sariling-gawang talatanungan ng mananaliksik. Ang mga nakuhang datos ay sinuri gamit ang mean, standard deviation, Pearson product-moment correlation, at multiple linear regression analysis. Ipinakita ng resulta na ang parehong saloobin sa paggamit ng AK at paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ay nasa lalong mataas na antas. Gayunpaman, lumabas sa pagsusuring korelasyonal na may makabuluhan ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Sa pagsusuring regresyon, natukoy na ang tiwala sa AK at pagpapahalaga sa AK sa pagkatuto ay may makabuluhang impluwensiya sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino, samantalang ang iba pang domeyn ay hindi nagpakita ng makabuluhang epekto. Dahil dito, inirerekomenda ang mas malalim na integrasyon ng AK sa pagkatuto na nakatuon sa pagpapalakas ng kritikal na pag-iisip at wastong paggamit ng wikang Filipino.

*Mga Susing Salita: Artipisyal na katalinuhan, Saloobin sa Paggamit ng AK, Paggamit ng Terminolohiyang Filipino, Deskriptib-Korelasyonal, Mga Mag-aaral*

## Introduksiyon

Ang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ng mga mag-aaral ay mahalagang bahagi ng paglinang ng kanilang pag-unawa sa mga konsepto, lalo na sa mga asignaturang gumagamit ng mga teknikal na salitang kadalasang nagmumula sa Ingles. Sa tulong ng Artipisyal na Katalinuhan (AK), mas napapabilis ang pagsasalin, pagpapaliwanag, at pagbibigay ng halimbawa ng mahihirap na termino, kaya nagiging mas madali para sa mga mag-aaral na maunawaan ang kahulugan at gamit ng mga salita sa akademikong talakayan. Gayunpaman, nananatiling suliranin ang kawastuhan at kaangkupan ng mga saling ibinibigay ng artipisyal na kagamitan, sapagkat may mga pagkakataong ang mga terminolohiya ay hindi tugma sa konteksto, hindi estandardisado, o nagdudulot ng kalituhan sa wastong paggamit ng wikang Filipino.

Sa iba't ibang panig ng mundo, kinikilala ang tulong ng AK sa paglinang ng mga terminolohiyang pambansa, ngunit may kaakibat pa rin itong suliranin sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa bansang Hapon, natuklasan nina Yuasa at Takeuchi (2024) na ang paggamit ng AK sa awtomatikong pagsasalin ay minsang nagbibigay ng hindi eksaktong salin, kaya nagdudulot ito ng pagkalito sa mga mag-aaral sa pag-unawa ng teknikal na konsepto sa wikang Hapon. Sa Indonesia, ipinamalas naman nina Sutrisno et al. (2025) na nagiging hamon ang paggamit ng AK kapag ang mga salin ay walang malinaw na katumbas sa wikang pambansa, dahilan upang mahirapan ang mga mag-aaral na makabuo ng matibay na pag-unawa sa mga terminong may kaugnayan sa teknolohiya.

Sa Pilipinas, ang paggamit ng AK sa paglinang ng mga terminolohiyang Filipino para sa mga mag-aaral ay nahaharap sa iba't ibang suliranin na may kinalaman sa wika, teknolohiya, at kapasidad ng mga guro. Sa lungsod ng Olongapo, napag-alamang nagkakaroon ng maling salin ang ilang AK na ginagamit sa mga paaralan, na nagdudulot ng pagkalito ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng teknikal na terminolohiya sa Filipino (Dalan, 2023). Sa lungsod ng Cabuyao, lumilitaw na ang limitadong akses sa de-kalidad at napapanahon ang AK na kagamitan ng humahadlang sa mga mag-aaral na makakuha ng tumpak na katumbas na salin ng mga terminong pang-agham at panteknolohiya (Umali, 2024). Sa lungsod ng Cebu, natukoy na ang kakulangan ng oryentasyong pangkultura sa mga saling nabuo ng AK ay nagdudulot ng mga pagsasaling hindi akma sa lokal na konteksto. Dahil dito, nahihirapan ang mga mag-aaral na maiugnay ang kaalaman sa kanilang sariling karanasan. (Villarino, 2024).

Sa Lungsod ng Davao, nahaharap ang mga mag-aaral sa hamong dulot ng limitadong interaksiyonal na kakayahan ng ilang guro sa Filipino sa loob ng silid-aralan. Dahil sa kakulangan sa pagsasanay na nakatuon sa komunikatibong pagtuturo ng wika, nahihirapan ang mga mag-aaral na aktibong makilahok at maipahayag ang kanilang idea (Fernandez et al., 2025). Bukod dito, ang kakulangan ng mga kagamitang pang-interaksyon, gaya ng mga tanaw-dinig na kagamitan na nakasalin sa Filipino, ay nagiging hadlang sa pag-unawa ng mga mag-aaral at sa mas makabuluhang talakayan. Sa ilang paaralan, ang labis na pagtutok ng guro sa tradisyunal na batay sa literatura na pamamaraan ay nagpapaliit ng espasyo para sa bukas na pagpapalitan ng idea, kaya limitado ang pagkakataon ng mga mag-aaral na magtanong o magbahagi ng sariling pananaw (Amores, 2025).

Bagaman dumarami na ang pananaliksik hinggil sa paggamit ng AK sa edukasyon, kakaunti pa rin ang tumutuon sa saloobin ng mga mag-aaral ukol sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino sa mga sistemang AK. Kadalasan, ang umiiral na literatura ay nakasentro sa teknikal na pagganap, etikal na isyu, at integrasyon ng AK sa pagkatuto, ngunit hindi tuwirang sinusuri kung paano nakaaapekto ang wikang ginagamit ng AK sa pag-unawa, at kaginhawaan ng mga mag-aaral. Sa konteksto ng mga institusyong pang-edukasyon na gumagamit ng AK upang tulungan ang pagkatuto, nananatiling limitado ang datos tungkol sa kung paano tinatanggap ng mga mag-aaral ang Filipino bilang midyum ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) sa pagkatuto. Dahil dito, may malinaw na puwang sa literatura na nangangailangang punan upang higit na maunawaan kung ang paggamit ng terminolohiyang Filipino sa Artipisyal na Katalinuhan (AK) ay nakapagpapahusay sa paglahok, pagkatuto, at pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa teknolohiya.

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Inaasahang magbibigay ang pag-aaral na ito ng mahahalagang ambag sa iba't ibang tagapagtaguyod ng edukasyon, lalo na sa konteksto ng paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) at pagpapalakas ng kaalaman at kasanayan sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino. Bilang pangunahing kalahok, tuwirang makikinabang ang mga mag-aaral sa resulta ng pananaliksik dahil mahihikayat silang gamitin ang AK nang mas aktibo at mabisa sa pagkatuto ng mga terminolohiyang Filipino, na maaaring magpalakas sa kanilang pagganyak, kagustuhan, at kasanayan sa wika. Makatutulong din ang resulta ng pag-aaral sa mga guro sa Filipino upang mapalawak ang kanilang kaalaman sa paggamit ng AK bilang kasangkapan sa pagtuturo at mas mapahusay ang kanilang mga pamamaraang pedagohikal sa paggabay sa mga mag-aaral. Para sa mga tagapamahala ng paaralan, maaaring maging batayan ang mga natuklasan sa pagpaplano at pagpapatupad ng mga programang pampagtuturo, pagpapaunlad ng kurikulum, at pagbibigay ng angkop na suporta sa mga guro sa paggamit ng AK sa pagkatuto. Sa panig ng Kagawaran ng Edukasyon, magagamit ang pananaliksik bilang sanggunian sa pagbalangkas ng mga patakaran, gabay, at pagsasanay na magpapalakas sa kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino gamit ang AK at sa pagpapalaganap ng mga terminolohiyang Filipino. Makatutulong din ito sa mga tagapagsanay at tagapagsulong ng edukasyong pangwika sa pagbuo ng mga pagsasanay at pag-aaral na nakatuon sa paggamit ng AK at mga interaktibong pamamaraan ng pagtuturo. Higit sa lahat, magsisilbi itong panimulang batayan para sa mga susunod na mananaliksik sa pagpapalalim pa

ng pag-aaral hinggil sa ugnayan ng saloobin ng mag-aaral sa AK at paggamit ng mga terminolohiyang Filipino sa iba't ibang konteksto at antas ng edukasyon.

**Paglalahad ng Suliranin**

Nilayon ng pananaliksik na ito na suriin ang makabuluhang epekto sa pagitan ng saloobin ng mga mag-aaral sa Artipisyal na Katalinuhan (AK) at ng kanilang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino. Sa katiyakan, binigyang-tugon ng pag-aaral ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng saloobin ng mga mag-aaral sa Artipisyal na Katalinuhan (AK) batay sa sumusunod na domeyn:

1.1 kaginhawaan sa paggamit ng AK;
1.2 tiwala sa AK;
1.3 pagiging bukas sa paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan;
1.4 interes at motibasyon; at
1.5 pagpapahalaga sa AK sa pagkatuto?

2. Ano ang antas ng paggamit ng mga terminolohiyang Filipino gamit ang AK batay sa mga sumusunod na domeyn:

2.1 pag-unawa sa Filipino terminolohiya;
2.2 pagkakaroon ng kumpyansa;
2.3 pagiging komportable sa wika;
2.4 pagtanggap sa terminolohiyang Filipino;
2.5 pagpapalalim ng pagkatuto?

3. May makabuluhang ugnayan ba sa pagitan ng saloobin ng mga mag-aaral at ang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino gamit ang Artipisyal na Katalinuhan (AK)?

4. Aling mga domeyn ng saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng AK ang may makabuluhang epekto sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino gamit ang Artpisyal na Katalinuhan (AK)?

**Layunin ng Pag-aaral**

Nilayon ng pag-aaral na ito na suriin ang makabuluhang epekto ng saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) sa kanilang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino. Tiniyak sa pag-aaral na ito na matugunan ang mga sumusunod na layunin:

1) Matukoy ang lawak ng saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) batay sa mga sumusunod na domeyn: kaginhawaan sa paggamit, tiwala, pagiging bukas, kagustuhan at pagganyak, at pagpapahalaga sa Artipisyal na Katalinuhan (AK) sa pagkatuto.

2) Masukat ang lawak ng paggamit ng mga terminolohiyang Filipino gamit ang Artipisyal na Katalinuhan (AK) batay sa mga sumusunod na domeyn: pag-unawa sa terminolohiya, pagkakaroon ng tiwala sa sarili, pagiging panatag sa wika, pagtanggap sa terminolohiyang Filipino, at pagpapalalim ng pagkatuto.

3) 3) Matukoy kung may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) at ng kanilang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino.

4) 4) Tukuyin kung aling mga domeyn ng saloobin sa paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) ang may makabuluhang epekto sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino.

**Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay nagsuri sa makabuluhang ugnayan sa pagitan ng saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) at ang kanilang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino. Sinuri ang saloobin sa AK batay sa kaginhawaan sa paggamit, tiwala, pagiging bukas, kagustuhan at pagganyak, at pagpapahalaga sa AK sa pagkatuto. Tinutukan din ang paggamit ng terminolohiyang Filipino sa aspektong pag-unawa, tiwala, pagiging panatag sa wika, pagtanggap, at pagpapalalim ng pagkatuto. Kasama sa pag-aaral ang 335 mag-aaral sa Baitang 12 na aktibong pumapasok, may karanasan sa paggamit ng AK, at boluntaryong lumahok sa pananaliksik.

Nilimitahan ang pag-aaral sa paggamit ng kwantitatibong deskriptibo-korelasyonal na disenyo at sa pangangalap ng datos sa pamamagitan ng talatanungan bilang pangunahing instrumento. Dahil dito, ang mga natuklasan ay nakabatay lamang sa mga sagot at persepsyon ng mga kalahok, kaya maaaring maapektuhan ng kanilang katapatan at sariling interpretasyon sa pagsagot. Bukod dito, ang resulta ng pag-aaral ay nakatuon lamang sa konteksto ng mga mag-aaral sa Davao City National High School, kaya't hindi ito maaaring ganap na mailapat sa ibang paaralan, dibisyon, o rehiyon.

**Mga Talakayan ng Katawagan**

Ang mga sumusunod na termino ay binibigyang-kahulugan ayon sa pagkakagamit sa pag-aaral upang masiguro ang malinaw na pag-unawa:

*Saloobin sa Paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) sa Filipino.* Sa pag-aaral na ito, tumutukoy ito sa pananaw at pagtanggap ng mga mag-aaral sa paggamit ng AK bilang pantulong sa pagkatuto ng Filipino, partikular sa kanilang kaginhawaan, tiwala, pagiging bukas, kagustuhan, pagganyak, at pagpapahalaga sa paggamit nito sa pag-aaral.

*Paggamit ng mga Terminolohiyang Filipino gamit ang AK.* Sa pag-aaral, ito ay tumutukoy sa kakayahan at disposisyon ng mga mag-aaral na gamitin at maunawaan ang mga terminolohiyang Filipino sa mga gawain o pagtuturo na ibinibigay ng AK.

**Mga Kaugnay na Literatura at mga Pag-aaral**

Ang bahaging ito ay naglalaman ng masusing pagsusuri sa mga kaugnay na literatura at pag-aaral na tumutugma sa layunin ng kasalukuyang pananaliksik na nakatuon sa saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) at sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino.

**Kaugnay sa Literatura**

Ipinabatid sa pananaliksik ni Xu (2024) na maraming mag-aaral ang nakararanas ng positibong karanasan sa paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) sa kanilang pagkatuto. Bilang karagdagan, natuklasan na ang mga mag-aaral ay mas mabilis makasagap ng impormasyon kapag gumagamit ng AK na kagamitan. Bukod dito, ayon kina Vieriu at Petrea (2025), ang AK ay nakapagpapataas ng kumpiyansa ng mag-aaral sa paggawa ng mga proyekto at akademikong gawain. Gayunpaman, may ilang mag-aaral na nangangailangan pa ng mas maraming gabay sa paggamit nito. Sa kabuoan, ipinamalas ng datos ang malaking kakayahan ng AK sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman. Samantala, ang paggamit ng AK ay nag-uudyok sa kanila na maging mas malikhain sa pag-iisip. Ayon sa pag-aaral nina Chiu et al. (2024), positibo ang epekto

ng AK sa kanilang pagganyak sa pagkatuto. Bukod pa rito, nakatutulong ang AK upang mas mapalalim ang interaksiyon sa mga digital na gawain.

**Kaugnay sa Pag-aaral**

Natuklasan nina Lin at Chen (2024) na maraming mag-aaral ang nagiging mas bukas sa paggamit ng AK kapag nakikita nilang ito ay kapaki-pakinabang. Ang iba naman ay nakakaranas ng kasiyahan sa paggamit ng bagong AK kagamitan. Samantala, ayon kina Muthmainnah et al. (2022), nakakatulong ang AK sa pagbuo ng kritikal at malikhaing pag-iisip sa klase. Bagamat may ilan na nag-aalinlangan sa paggamit ng AK sa unang pagkakataon, unti-unti silang nagiging sanay sa teknolohiya. Dahil dito, tumataas ang kanilang antas ng partisipasyon sa mga digital na gawain. Gayundin, ayon kay Pulatovna (2024), ang AK ay nagiging kagamitan upang mas mapadali ang pag-unawa sa komplikadong aralin. Bukod dito, nakikita rin ng mga guro na tumataas ang kagustuhan at pagganyak ng mag-aaral sa paggamit ng AK.


Higit dito, ipinamalas ni Fitria (2021) na ang AK ay nakakatulong sa mga mag-aaral na mas madali nilang masundan ang kanilang progreso sa pag-aaral. Bukod dito, marami ang nagsabing mas panatag silang matuto sa tulong ng AK na kagamitan. Ang iba naman ay nagiging mas organisado sa kanilang mga gawain. Gayunpaman, ayon kina Estaphan et al. (2025), ang AK ay nakapagpapalakas ng kumpiyansa at kasanayan sa paggawa ng akademikong gawain. Bagaman may mga teknikal na hamon, unti-unti silang natututo kung paano mabisang gamitin ang AK. Sa ganitong paraan, lumalawak ang kanilang abilidad sa paglutas sa suliranin. Higit pa rito, ayon kina Jia at Tu (2024), positibo ang epekto ng AK sa kanilang motibasyon at kagustuhan sa klase. Bukod dito, nakatutulong ang AK upang mas mapalalim ang kanilang pang-unawa sa mga konsepto. Gayundin, ipinamalas ng datos na tumataas ang kanilang pakikilahok sa mga digital na gawain sa pagkatuto. Sa huli, ang AK ay nagiging mahalagang bahagi ng modernong edukasyon.

**Teoritikal na Balangkas**

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa isang pangunahing teorya at tatlong sumusuportang teorya na nagbibigay-linaw sa ugnayan ng saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) at ng kanilang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino. Ang pangunahing teorya ng pag-aaral ay ang Technology Acceptance Model, samantalang ang mga sumusuportang teorya ay ang Socio-Cultural Theory, Linguistic Relativity Theory, at Constructivist Learning Theory. Ang mga teoryang ito ay nagsisilbing batayan upang maipaliwanag kung paano nakaaapekto ang pananaw, pagtanggap, wika, karanasan, at pagkatuto ng mga mag-aaral sa paggamit ng AK bilang kasangkapan sa pag-unawa at paggamit ng mga terminolohiyang Filipino.

**Konseptwal na Balangkas**

Isinasaad sa Talangguhitan 1 ang konseptwal na balangkas ng pag-aaral. Ang malayang baryabol ay ang saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan, na binubuo ng limang dimensyon: kaginhawaan sa paggamit ng AK, tiwala sa AK, pagiging bukas sa paggamit ng AK, kagustuhan at pagganyak, at pagpapahalaga sa AK sa pagkatuto. Ang di-malayang baryabol naman ay ang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino gamit ang AK, na kinakatawan din ng limang dimensiyon, pag-unawa sa Filipino terminolohiya, pagkakaroon ng kumpyansa, pagiging panatag sa wika, pagtanggap sa terminolohiyang Filipino, at pagpapalalim ng pagkatuto. Ipinapalagay sa pag-aaral na ang bawat dimensyon ng saloobin ng mga mag-aaral sa AK ay may makabuluhang ugnayan at epekto sa paggamit nila ng mga terminolohiyang Filipino sa konteksto ng artipisyal na katalinuhan.




*Talangguhitan 1. Ang Konseptuwal na Balangkas ng Pag-aaral*

## Metodolohiya

Inilalarawan sa kabanatang ito ang mga pamamaraan at prosesong ginamit sa pag-aaral na ito. Inilalahad dito ang metodo na ginamit, mga kalahok, instrumentong ginamit sa pangangalap ng datos, teknik sa pagsasampol, pamamaraan ng pag-aaral, estadistikal na pag-aanalisa sa datos, at mga konsiderasyong etikal.

### Disenyong Pananaliksik

Ginamitan ang pag-aaral na ito ng kuwantitatibong disenyo ng pananaliksik, partikular ang deskriptibong korelasyonal na disenyo. Ang kwantitatib na pananaliksik ay nagbigay-daan sa pangangalap ng obhetibo at numerikal na datos upang masuri ang estadistikal na ugnayan ng mga baryabol sa isang sistematiko at maaaring ulit-uliting paraan (Mohajan, 2020). Ang mga numerikal na tugon ay nagsilbing batayan sa pagsusuri ng mga haypotesis ng pag-aaral gamit ang angkop na estadistikal na pamamaraan (Rassel et al., 2020). Ginamit ang di-eksperimental na disenyo, kung saan pinagmamasdan ang mga baryabol sa kanilang natural na konteksto sa silid-aralan nang walang manipulasyon o interbensyon mula sa mananaliksik (Roberts, 2021).

Ang deskriptibong korelasyonal na disenyo ay naging angkop sa pananaliksik na ito sapagkat layunin nitong ilarawan ang lawak ng saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng AK at ang lawak ng kanilang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino. Higit pa rito, sinuri ng pag-aaral ang ugnayan sa pagitan ng saloobin ng mga mag-aaral at ng kanilang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino gamit ang AK upang matukoy kung may makabuluhang korelasyon sa pagitan ng dalawang baryabol. Bukod sa pangkalahatang ugnayan, sinuri rin ang epekto ng bawat domeyn ng saloobin kaginhawaan sa paggamit ng AK, tiwala sa AK,

pagiging bukas sa paggamit, kagustuhan at pagganyak, at pagpapahalaga sa AK sa pagkatuto sa lawak ng paggamit ng mga terminolohiyang Filipino gamit ang AK. Ang pagsusuring ito ay nagbigay-daan upang matukoy kung alin sa mga domeyn ang may mas malaking ambag sa paggamit ng terminolohiyang Filipino, na maaaring magsilbing batayan para sa pagpapabuti ng mga pamamaraan sa pagtuturo at mas mabisang integrasyon ng AK sa pagtuturo ng Filipino.

**Mga Kalahok ng Pag-aaral**

Ang mga datos para sa pag-aaral na ito ay nagmula sa mga mag-aaral ng Davao City National High School sa taong panuruan 2025–2026. Ang pangunahing pinagmulan ng datos ay ang mga tugon ng tatlong daan at tatlumpu't limang (335) kalahok na napili batay sa mga itinakdang pamantayan ng pag-aaral. Ang mga kalahok na ito ay itinuring na angkop na mga pinagmulan ng datos sapagkat sila ay kasalukuyang nakapagtala, aktibong pumapasok sa klase, at may sapat na kaalaman at karanasan sa paggamit ng AK, gayundin sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino sa kontekstong pang-akademiko.

Gumamit ang pag-aaral ng pangunahing datos na nakalap sa pamamagitan ng isang sariling-gawang talatanungan na binuo ng mananaliksik batay sa masusing pagsusuri ng mga kaugnay na literatura at pag-aaral. Ang nasabing instrumento ay idinisenyo upang masukat ang antas ng saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng AK batay sa mga domeyn na kaginhawaan sa paggamit, tiwala, pagiging bukas, kagustuhan at pagganyak, at pagpapahalaga sa AK sa pagkatuto. Kasabay nito, sinukat din ang lawak ng paggamit ng mga terminolohiyang Filipino gamit ang Artipisyal na Katalinuhan (AK) batay sa pag-unawa sa terminolohiya, pagkakaroon ng kumpyansa, pagiging komportable sa wika, pagtanggap sa terminolohiyang Filipino, at pagpapalalim ng pagkatuto.

Upang matiyak ang pagiging wasto at maaasahan ng instrumento, ito ay sumailalim sa balidasyon ng mga eksperto at isinagawa ang pilot testing bago ang aktuwal na pangangalap ng datos. Ang mga nakalap na tugon mula sa mga kalahok ang nagsilbing batayan sa pagsusuri ng datos upang matukoy ang antas ng bawat baryabol, ang ugnayan sa pagitan ng mga baryabol, at ang mga domeyn ng saloobin sa paggamit ng AK na may makabuluhang epekto sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino.

**Desinyo ng Pagpili ng Kalahok**

Isinagawa ang pagpili ng mga kalahok sa pamamagitan ng simple random sampling. Ayon kina Kirk et al. (2025), ang simple random sampling ay isang pamamaraang probabilistiko kung saan ang bawat miyembro ng populasyon ay may pantay na pagkakataong mapili bilang kalahok sa pag-aaral. Sa pagtukoy ng bilang ng mga kalahok, ginamit ang Slovin's formula na may 5 percent margin of error at 95% *confidence level*. Mula sa kabuoang populasyon na 2,029 mag-aaral sa Baitang 12 ng Davao City National High School, nakuha ang kabuoang sample na 335 na mga kalahok. Sa pamamagitan ng simple random sampling, mas natitiyak na ang pagpili ng mga kalahok ay patas at walang kinikilingan, sapagkat ang bawat mag-aaral sa populasyon ay nagkaroon ng parehong posibilidad na mapasama sa pananaliksik.

Ang pananaliksik na ito ay nilahukan ng 335 mag-aaral sa Baitang 12 mula sa Davao City National High School. Pinili sila batay sa itinakdang pamantayan ng mananaliksik upang matiyak na ang mga kalahok ay angkop sa layunin ng pag-aaral. Kabilang sa mga pamantayan ang pagiging kasalukuyang nakatalang mag-aaral sa Baitang 12, aktibong pumapasok sa paaralan, may sapat na kaalaman o karanasan sa paggamit ng AK sa pagkatuto, aktibong nakikilahok sa mga gawain sa klase, at boluntaryong pumayag na lumahok sa pag-aaral matapos maipaliwanag nang malinaw ang layunin nito. Hindi isinama sa pag-aaral ang mga mag-aaral na hindi aktibong pumapasok, walang karanasan sa paggamit ng AK, o may mga kondisyon na maaaring makaapekto sa kanilang partisipasyon sa pananaliksik.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng sariling-gawang talatanungan upang masukat ang ugnayan sa pagitan ng saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng AK at ng lawak ng kanilang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino. Ang instrumento ay binuo sa dalawang pangunahing bahagi: ang panukat sa Saloobin sa Paggamit ng AK at ang Panukat sa Paggamit ng mga Terminolohiyang Filipino. Sa pagbuo ng talatanungan, isinasaalang-alang ang karanasan, antas ng kaalaman, at aktuwal na paggamit ng mga mag-aaral sa AK at wikang Filipino upang matiyak na ang bawat pahayag ay malinaw, angkop, at may kaugnayan sa kanilang karanasan sa pagkatuto. Upang matiyak ang bisa ng nilalaman, ang talatanungan ay ipinasuri sa tatlong eksperto sa larangan ng wika, edukasyon, at pananaliksik. Sinuri nila ang kaugnayan, kalinawan, at kaangkupan ng mga pahayag ayon sa layunin ng pag-aaral, at ang kanilang mga mungkahi ay isinama upang mapabuti ang estruktura, wika, at organisasyon ng instrumento.

Isinagawa rin ang pilot testing sa 30 mag-aaral mula na hindi kabilang sa aktuwal na kalahok upang masuri ang antas ng pagkaunawa at pagiging angkop ng bawat aytem. Ang mga puna mula sa pilot testing ay ginamit upang isaayos ang ayos, wika, at pormat ng mga tanong. Ang pagiging maaasahan ng instrumento ay sinukat gamit ang Cronbach’s Alpha, kung saan ang antas na 0.70 pataas ay itinuring na katanggap-tanggap. Ang pinal na bersyon ng talatanungan ang ginamit sa pormal na pangangalap ng datos upang masukat ang saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng AK at ang lawak ng kanilang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino.

Ang unang bahagi ng talatanungan ay ibinatay sa Panukat sa Saloobin ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng AK. Ang panukat na ito ay idinisenyo upang masukat ang antas ng saloobin ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng AK bilang kasangkapan sa pagkatuto. Partikular nitong sinuri ang iba’t ibang domeyn ng saloobin, tulad ng kaginhawaan sa paggamit ng AK, tiwala sa AK, pagiging bukas sa paggamit ng AK, kagustuhan at pagganyak, at ang pagpapahalaga sa AK sa pagkatuto. Batay sa mga resulta ng pagsusuri gamit ang Cronbach’s Alpha, nakapagtala ang panukat ng 0.97, ito ay nagpapahiwatig na ang talatanungan ay may napakataas o napakahusay na antas ng pagiging maaasahan. Inilalarawan nito na ang mga aytem sa panukat ay konsistent at tama, malinaw, at angkop sa pagsukat ng saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng AK. Sa pag-aaral na ito, ang mga tugon ng mga mag-aaral ay lilikhain gamit ang 5-puntong Likert scale, mula sa Lubos na Sumasang-ayon (5) hanggang Lubos na Hindi Sumasang-ayon (1). Ang mga kasagutan ay bibigyang-kahulugan gamit ang itinalagang eskala upang matukoy ang antas ng saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) sa kanilang pagkatuto.

| Saklaw ng Mean | Katumbas | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 4.20 - 5.00 | Lalong Mataas | Ang saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng AK ay ginawa at namamasid sa lahat ng pagkakataon. |
| 3.40 - 4.19 | Mataas | Ang saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng AK ay ginawa at namamasid nang madalas. |
| 2.60 - 3.39 | Katamtaman | Ang saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng AK ay ginawa at namamasid paminsan-minsan. |
| 1.80 - 2.59 | Mababa | Ang saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng AK ay bihirang ginawa at namamasid. |
| 1.00 - 1.79 | Lalong Mababa | Ang saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng AK ay hindi kailanman ginawa at namamasid. |

Ang ikalawang bahagi ng talatanungan ay ibinatay sa panukat sa lawak ng paggamit ng mga terminolohiyang Filipino gamit ang AK. Saklaw ng panukat na ito ang iba't ibang domeyn, katulad ng pag-unawa sa terminolohiyang Filipino at ang pagkakaroon ng tiwala sa sarili ng mga mag-aaral sa pagkatuto, Ang pagiging palagay sa wika ng mga mag-aaral, pagtanggap sa terminolohiyang Filipino, at pagpapalalim ng pagkatuto sa klase. Layunin nitong masukat ang lawak ng paggamit ng mga mag-aaral ng mga terminolohiyang Filipino sa konteksto ng paggamit ng AK bilang isang kasangkapan sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Batay sa mga resulta ng pagsusuri gamit ang Cronbach's Alpha, ito ay nakapagtala ng panukat na 0.96, na nagpapahiwatig na ay napakataas o mahusay na antas ng pagiging maaasahan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Binigyang halaga nito ang mga aytem sa panukat ay wasto, malinaw, at angkop sa pagsukat ng lawak ng paggamit ng mga terminolohiyang Filipino gamit ang AK sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral na ito, ipinahihiwatig din nito na ang mga instrumento ay may matibay na pagkakatulad at maaaring magamit bilang mapagkakatiwalaang batayan sa pangangalap ng datos sa pananaliksik na ito upang makabuo ng mas tumpak, obhetibo, at kapani-paniwalang interpretasyon ng kinalabasan ng pag-aaral ang mga tugon ng mga mag-aaral ay lilikhain gamit ang 5-puntos Likert scale, ito ay mula sa Lubos na Sumasang-ayon (5) hanggang Lubos na Hindi Sumasang-ayon (1) upang masukat ang mga lawak ng paggamit ng mga terminolohiyang Filipino.

| Saklaw ng Mean | Katumbas | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 4.20 - 5.00 | Lalong Mataas | Ang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ng mga mag-aaral ay ginawa at namamasid sa lahat ng pagkakataon. |
| 3.40 - 4.19 | Mataas | Ang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ng mga mag-aaral ay ginawa at namamasid nang madalas. |
| 2.60 - 3.39 | Katamtaman | Ang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ng mga mag-aaral ay ginawa at namamasid paminsan-minsan. |
| 1.80 - 2.59 | Mababa | Ang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ng mga mag-aaral ay bihirang ginawa at namamasid. |
| 1.00 - 1.79 | Lalong Mababa | Ang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ng mga mag-aaral ay hindi kailanman ginawa at namamasid. |

**Mga Hakbang sa Paglikom ng Datos**

Sinunod ng mananaliksik ang sistematikong proseso sa pangangalap ng datos para sa pananaliksik na ito:

*Pahintulot sa Pagsasagawa ng Pag-aaral*. Ang pangangalap ng datos ay isinagawa lamang matapos makakuha ng pormal na pahintulot mula sa Dekano ng Paaralang Gradwado. Matapos itong maaprubahan, iniharap ang liham ng pahintulot sa Tagapamanihala ng Sangay ng mga Paaralan upang maisailalim sa pagsusuri at mabigyan ng pinal na pahintulot. Ang prosesong ito ay isinagawa upang matiyak na ang pananaliksik ay sumusunod sa mga pamantayang etikal at patakaran ng mga institusyong sangkot.

*Pangangalap ng Datos. M*atapos makuha ang lahat ng kinakailangang pahintulot, nakipag-ugnayan

ang mananaliksik sa mga tagapamahala ng paaralan upang maipamahagi ang mga talatanungan sa mga mag-aaral. Ang mga talatanungan ay maingat na binuo batay sa layunin ng pag-aaral, at malinaw na ipinaliwanag ang layunin nito upang makuha ang bukas na partisipasyon ng mga kalahok. Tiniyak din na hindi malalabag ang kanilang pagiging kompidensiyal at pagkakakilanlan bilang bahagi ng pagsunod sa mga pamantayang etikal.

*Pag-aayos at Pagsusuri ng Datos. M*atapos makolekta ang mga kasagutan, sinuri ng mananaliksik ang mga ito upang matiyak na kumpleto at angkop ang mga datos para sa pagsusuri. Pagkatapos nito, ipinasok ang mga datos sa *software* na pampananaliksik tulad ng *IBM SPSS Statistics* upang maisagawa ang masusing estadistikal na pagsusuri.

**Pang–estadistikang Pagsusuri ng Datos**

Sa pagsusuri at interpretasyon ng mga datos na nalikom sa pananaliksik na ito, ang mga sumusunod na estadistikong kasangkapan ang ginamit upang masagot ang mga katanungan sa suliranin ng pag-aaral:

*Mean* ay ginamit upang matukoy ang lawak ng saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) at ang lawak ng kanilang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino.

*Standard Deviation* ay ginamit upang masukat ang lawak ng pagkakaiba-iba ng mga tugon, na magpapakita kung gaano magkakatulad o magkakaiba ang pananaw at karanasan ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng AK at ng mga terminolohiyang Filipino.

*Pearson's Product-Moment Correlation Coefficient* ay ginamit upang alamin ang lakas at direksyon ng ugnayan sa pagitan ng saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng AK at ng paggamit nila ng mga terminolohiyang Filipino.

*Multiple Linear Regression Analysis* ay ginamit upang matukoy kung aling mga tiyak na domeyn ng saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng AK ang may makabuluhang epekto sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino.

Ang lahat ng estadistikong pagsusuri ay isasagawa gamit ang SPSS software, at ang antas ng kahalagahang estadistikal ay itatakda sa 0.05 upang matiyak ang katumpakan at pagiging mapagkakatiwalaan ng resulta ng pananaliksik.

**Etikal na Pagsaalang-alang**

Sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito, sinunod ng mananaliksik ang mga pangunahing prinsipyong etikal batay sa Belmont Report (1979), gayundin ang mga alituntunin ng Philippine Health Research Ethics Board (PHREB, 2017). Layunin nito na matiyak ang kaligtasan, dignidad, at karapatan ng mga kalahok sa buong proseso ng pananaliksik. Mahalaga ang mga alituntuning ito upang maisagawa ang pag-aaral nang may integridad, paggalang, at pananagutan.

## Resulta at Talakayan

Inilalahad sa kabanatang ito ang mga resulta at interpretasyon ng mga datos na nakalap mula sa isinagawang pananaliksik. Ang presentasyon ng resulta ay nakaayos batay sa dalawang pangunahing baryabol: saloobin sa paggamit ng AK at paggamit ng mga terminolohiyang Filipino. Una, tatalakayin ang antas ng saloobin sa paggamit ng AK. Ikalawa, susuriin ang antas ng paggamit ng mga terminolohiyang Filipino. Ikatlo, tatalakayin ang ugnayan sa pagitan ng saloobin sa paggamit ng AK at paggamit ng mga

terminolohiyang Filipino upang matukoy kung may makabuluhang relasyon sa pagitan ng dalawang baryabol. Sa huli, susuriin kung alin sa mga domeyn ng saloobin sa paggamit ng AK ang may makabuluhang nakaapekto sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino.

**Antas ng Saloobin sa Paggamit ng AK ng mga Mag-aaral**

Inilahad sa bahaging ito ang antas ng saloobin sa paggamit ng AK ng mga mag-aaral sa konteksto ng pagkatuto. Sinusuri ang baryabol na ito batay sa limang mahahalagang domeyn: (1) kaginhawaan sa paggamit ng Artipisyal na katalinuhan (AK), (2) tiwala sa AK, (3) pagiging bukas sa paggamit ng AK, (4) kagustuhan at pagganyak, at (5) pagpapahalaga sa AK sa pagkatuto.

**Antas ng Saloobin sa Paggamit ng AK ayon sa Kaginhawaan sa Paggamit ng AK**

Inilahad sa Talahanayan 1 ang antas ng saloobin sa paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) ayon sa kaginhawaan sa paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) ng mga mag-aaral.

Talahanayan 1
Antas ng Saloobin sa Paggamit ng AK ayon sa Kaginhawaan sa Paggamit ng AK

| Mga Pahayag | SD | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1) Mas madali kong natatapos ang mga takdang-aralin kapag gumagamit ng AK. | 0.54 | 4.03 | Mataas |
| 2) Komportable akong gamitin ang AK sa pagkatuto ng asignatura. | 0.52 | 4.21 | Lalong Mataas |
| 3) Hindi ako nahihirapan sa paggamit ng AK sa paggawa ng proyekto o gawain sa klase. | 0.61 | 4.37 | Lalong Mataas |
| 4) Mas mabilis kong nauunawaan ang aralin kapag gumagamit ng AK. | 0.90 | 3.74 | Mataas |
| 5) Madali kong natutukoy ang mga tamang sagot gamit ang AK bilang gabay sa pagkatuto. | 0.66 | 4.42 | Lalong Mataas |
| **Kabuoan** | **0.46** | **4.15** | **Mataas** |

4.20–5.00 – Lalong Mataas 2.60–3.39 –Katamtaman 1.00–1.79 – Lalong Mababa
3.40–4.19 – Mataas 1.80–2.59 – Mababa

Ang domeyn na ito ay nakakuha ng kabuoang mean na 4.15 at SD na 0.46, na may palarawang katumbas na mataas. Ang mga indibidwal na pahayag ay nakakuha ng mean mula 3.74 hanggang 4.42. Pinakamataas ang mean ng pahayag na *madali kong natutukoy ang mga tamang sagot gamit ang Artipisyal na Katalinuhan (AK) bilang gabay sa pagkatuto* na may mean na 4.42 at SD na 0.66 na may palarawang katumbas na lalong mataas, habang ang pinakamababa ay ang *mas mabilis kong nauunawaan ang aralin kapag gumagamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK)* na may mean na 3.74 at SD na 0.90 na may palarawang katumbas na mataas.

Binigyang kahalgahan sa mga datos ang mataas na antas ng kaginhawaan sa paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) na ang mga mag-aaral sa pagkatuto ay malaya at positibong tinanggap ang Artipisyal na Katalinuhan (AK) bilang kasangkapan sa kanilang pagkatuto. Ipinamalas ng resulta na nakatulong ang Artipisyal na Katalinuhan (AK) sa pagpapadali ng mga gawain, lalo na sa pagtukoy ng mga tamang sagot at pagbuo ng mga akademikong kinalabasan. Gayunpaman, ang bahagyang mas mababang marka sa aspeto ng

pag-unawa ay maaaring nagpahiwatig na hindi pa ganap na napalitan ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) ang mas malalim na proseso ng pagkatuto na karaniwang nakukuha sa gabay ng guro sa kanilang pagkatuto. Binigyang kahulugan ng datos na ang Artipisyal na Katalinuhan (AK) ay isang mabisang pantulong na kasangkapan na nagpaangat ng kaginhawaan ng mga mag-aaral sa pag-aaral, bagama't nanatiling mahalaga ang iba pang salik upang higit na mapalalim ang kanilang pag-unawa sa aralin.

Ang resulta ng pananaliksik na ito ay umaayon sa natuklasan nina Famor et al. (2024) na nagsasabing ang paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) sa edukasyon ay nagiging mas mabisa kapag ang mga mag-aaral ay malaya at may positibong karanasan sa teknolohiya. Ayon sa kanila, ang kaginhawaan sa paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) ay nagpapataas ng partisipasyon at kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Kaugnay nito, ibinahagi ng pag-aaral ni Cavan Jr. (2021) na ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng pagiging pamilyar at kaginhawaan sa Artipisyal na Katalinuhan (AK) na kagamitan ay mas nagagamit ang mga ito sa kritikal na pag-iisip at paglutas ng suliranin sa kanilang akademikong gawain. Dagdag pa rito, pinatutunayan nina Alajar at Orobia (2025) na ang positibong pag-iisip at kadalian ng paggamit sa Artipisyal na Katalinuhan (AK) ay may mahalagang papel sa pagtanggap at patuloy na paggamit ng teknolohiya sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang akademikong gawain. Ipinamalas ng kanilang pag-aaral na ang kaginhawaan sa paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) ay nagdudulot ng mas aktibo, maaasahan, at makabuluhang karanasan sa pagkatuto.

**Antas ng Saloobin sa Paggamit ng AK ayon sa Tiwala sa AK**

Inilahad sa Talahanayan 2 ang antas ng saloobin sa paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) ayon sa tiwala sa Artipisyal na Katalinuhan (AK) ng mga mag-aaral sa pagkatuto.

Talahanayan 2
Antas ng Saloobin sa Paggamit ng AK ayon sa Tiwala sa AK

| Mga Pahayag | SD | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1) Naniniwala akong makatutulong ang AK sa pagpapabuti ng aking pagkatuto. | 0.64 | 3.96 | Mataas |
| 2) May kumpiyansa akong gamitin ang AK sa paggawa ng mga akademikong gawain. | 0.52 | 4.33 | Lalong Mataas |
| 3) Pinagkakatiwalaan ko ang AK bilang kapaki-pakinabang na kasangkapan sa pagkatuto. | 0.54 | 4.06 | Mataas |
| 4) Tiwala ako na tama at maaasahan ang impormasyong ibinibigay ng AK. | 0.81 | 4.34 | Lalong Mataas |
| 5) Naniniwala akong makakatulong ang AK sa pagpapadali ng pagkatuto. | 0.67 | 4.53 | Lalong Mataas |
| **Kabuoan** | **0.44** | **4.24** | **Lalong Mataas** |

4.20–5.00 – Lalong Mataas 2.60–3.39 –Katamtaman 1.00–1.79 – Lalong Mababa
3.40–4.19 – Mataas 1.80–2.59 – Mababa

Ang domeyn na ito ay nakakuha ng kabuoang mean na 4.24 at SD na 0.44, na may palarawang katumbas na lalong mataas. Ang mga indibidwal na pahayag ay nakakuha ng mean mula 3.96 hanggang 4.53. Pinakamataas ang mean ng pahayag na *naniniwala akong makakatulong ang AK sa pagpapadali ng pagkatuto* na may mean na 4.53 at SD na 0.67 na may palarawang katumbas na lalong mataas, habang ang pinakamababa ay ang *naniniwala akong makatutulong ang AK sa pagpapabuti ng aking pagkatuto* na may

mean na 3.96 at SD na 0.64 na may palarawang katumbas na mataas.

Ipinahiwatig ng lalong mataas na antas ng tiwala sa Artipisyal na Katalinuhan (AK) na ang mga mag-aaral ay may positibong pananaw at pananalig sa kakayahan ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) bilang kasangkapan sa kanilang pag-aaral. Ipinakita ng resulta na naniwala ang mga mag-aaral na ang Artipisyal na Katalinuhan (AK) ay nakatulong sa pagpapadali ng kanilang pagkatuto at sa pagsasagawa ng mga akademikong gawain. Higit pa rito, ipinakita rin ng datos na itinuring nila ang Artipisyal na Katalinuhan (AK) bilang isang kapaki-pakinabang at maaasahang katuwang sa kanilang pag-aaral.

Ang resulta ng pananaliksik na ito ay sumusuporta sa natuklasan ni Silagan (2025) na nagsasabing ang tiwala sa Artipisyal na Katalinuhan ay mahalagang salik sa pagtanggap at patuloy na paggamit nito sa iba't ibang gawain, kabilang ang edukasyon. Ayon sa kanila, kapag mataas ang tiwala ng mga gumagamit sa Artipisyal na Katalinuhan (AK), mas nagiging bukas sila sa paggamit nito bilang katuwang sa pagkatuto at paggawa ng akademikong gawain. Kaugnay nito, ipinamalas sa pag-aaral nina Basaca et al. (2025) na ang tiwala sa Artipisyal na Katalinuhan (AK) ay nakaugnay sa pananaw ng mga gumagamit hinggil sa pagiging kapaki-pakinabang, mabisa, at maaasahan ng teknolohiya. Dagdag pa rito, pinatutunayan ni Adigue (2024) na ang mataas na antas ng tiwala sa AK ay nagpapalakas sa kahandaan ng mga indibidwal na gamitin ito sa mga gawaing nangangailangan ng impormasyon, analisis, at pagdedesisyon.

**Antas ng Saloobin sa Paggamit ng AK ayon sa Pagiging Bukas sa Paggamit ng AK**

Ipinahayag sa Talahanayan 3 ang antas ng saloobin sa paggamit ng Ak ayon sa pagiging bukas sa paggamit ng AK ng mga mag-aaral.

Talahanayan 3
Antas ng Saloobin sa Paggamit ng AK ayon sa Pagiging Bukas sa Paggamit ng AK

| Mga Pahayag | SD | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1) Bukas akong subukan ang bagong AK tools sa pagkatuto. | 0.65 | 4.40 | Lalong Mataas |
| 2) Handa akong gamitin ang AK bilang bahagi ng aking pang-araw-araw na pag-aaral. | 0.63 | 4.35 | Lalong Mataas |
| 3) Interesado akong matuto ng higit pa tungkol sa AK at kung paano ito makakatulong sa pagkatuto. | 0.56 | 4.24 | Lalong Mataas |
| 4) Komportable akong ipakita sa guro at kamag-aral ang paggamit ko ng AK. | 0.48 | 4.14 | Mataas |
| 5) Handa akong tanggapin ang AK bilang bahagi ng proseso ng pagkatuto. | 0.53 | 4.09 | Mataas |
| **Kabuoan** | **0.36** | **4.24** | **Lalong Mataas** |

4.20–5.00 – Lalong Mataas 2.60–3.39 –Katamtaman 1.00–1.79 – Lalong Mababa
3.40–4.19 – Mataas 1.80–2.59 – Mababa

Ang domeyn na ito ay nakakuha ng kabuoang mean na 4.24 at SD na 0.36, na may palarawang katumbas na lalong mataas. Ang mga indibidwal na pahayag ay nakakuha ng mean mula 4.09 hanggang 4.40. Pinakamataas ang mean ng pahayag na *bukas akong subukan ang bagong AK na kagamitan sa pagkatuto* na may mean na 4.40 at SD na 0.65 na may palarawang katumbas na lalong mataas, habang ang pinakamababa ay ang *handa akong tanggapin ang AK bilang bahagi ng proseso ng pagkatuto* na may mean na 4.09 at SD na 0.53 na may palarawang katumbas na mataas.

Ipinahiwatig ng lalong mataas na antas ng pagiging bukas sa paggamit ng AK na ang mga mag-aaral ay handa at positibong tumanggap sa paggamit ng Artipisyal na katalinuhan (AK) bilang bahagi ng kanilang pag-aaral. Ipinamalas ng resulta na nagkaroon sila ng kahandaang subukan ang mga bagong AK na kagamitan at isama ang mga ito sa kanilang pang-araw-araw na gawaing pang-akademiko. Ipinahiwatig din nito na kinilala ng mga mag-aaral ang potensyal ng AK na makatulong sa kanilang pagkatuto at pagpapalawak ng kanilang kaalaman. Ipinakita ng resulta na ang mga mag-aaral ay naging lubos na bukas sa paggamit ng AK, na nagpakita ng kanilang kahandaan na yakapin ang mga makabagong teknolohiya bilang bahagi ng makabuluhan at makabagong karanasan sa pagkatuto.

Ang resulta ng pananaliksik na ito ay nagpapatibay sa natuklasan nina Capunitan at Feliciano (2025) na nagsasabing ang pagtanggap at pagiging bukas ng mga gumagamit sa isang teknolohiya ay nakabatay sa kanilang pananaw sa pagiging kapaki-pakinabang at kadalian ng paggamit nito. Ipinahihiwatig nito na kapag positibo ang karanasan ng mga mag-aaral sa AK, mas nagiging handa silang tanggapin at gamitin ito sa kanilang pag-aaral. Sa kontekstong ito, ang AK ay hindi lamang nakikita bilang isang makabagong kagamitan, kundi bilang isang pantulong na kasangkapan na nagpapabilis sa paghahanap ng impormasyon, nagpapalinaw sa mahihirap na konsepto, at nagbibigay ng agarang gabay sa mga gawaing pang-akademiko. Kapag nararamdaman ng mga mag-aaral na ang paggamit ng AK ay nakatutulong sa kanilang pag-unawa at pagpapahusay ng kanilang gawain, mas tumataas ang kanilang interes at kumpiyansa sa paggamit nito.

Kaugnay nito, ipinapakita sa pag-aaral nina Borah et al. (2024) na ang pagiging bukas sa paggamit ng makabagong teknolohiya ay may mahalagang papel sa intensyon ng mga indibidwal na gamitin ito sa kanilang mga gawain. Nangangahulugan ito na ang pagtanggap sa AK ay maaaring makaapekto sa antas ng kahandaan, karanasan, at pananaw ng mga mag-aaral sa teknolohiya. Kung nakikita nila na madali itong gamitin at may malinaw na pakinabang sa kanilang pagkatuto, mas nagkakaroon sila ng positibong saloobin at mas aktibong paggamit nito sa iba't ibang gawaing pampaaralan. Samakatuwid, ang pagiging bukas ng mga mag-aaral sa AK ay mahalagang salik sa matagumpay na integrasyon nito sa edukasyon, lalo na kung ito ay nagagamit nang may gabay, wastong pag-unawa, at pananagutan.

**Antas ng Saloobin sa Paggamit ng AK ayon sa Kagustuhan at Pagganyak**

Ipinamalas sa Talahanayan 4 ang antas ng saloobin sa paggamit ng AK ayon sa kagustuhan at pagganyak ng mga mag-aaral.

Talahanayan 4
Antas ng Saloobin sa Paggamit ng AK ayon sa Interes at Motibasyon

| **Mga Pahayag** | **SD** | **Mean** | **Palarawang Katumbas** |
|---|---|---|---|
| 1) Mas nagiging interesado akong matuto kapag gumagamit ng AK. | 0.70 | 3.82 | Mataas |
| 2) May motibasyon akong tapusin ang mga gawain gamit ang AK. | 0.45 | 4.16 | Mataas |
| 3) Nakakatulong ang AK upang mas maging aktibo ako sa klase. | 0.59 | 4.22 | Lalong Mataas |
| 4) Ang paggamit ng AK ay nagpapataas ng aking motibasyon sa pagkatuto. | 0.51 | 4.14 | Mataas |
| 5) Mas gusto kong gumamit ng AK kaysa sa tradisyonal na pamamaraan sa ilang gawain. | 0.64 | 4.34 | Lalong Mataas |
| **Kabuoan** | **0.31** | **4.14** | **Mataas** |

4.20–5.00 – Lalong Mataas  2.60–3.39 –Katamtaman  1.00–1.79 – Lalong Mababa
3.40–4.19 – Mataas  1.80–2.59 – Mababa

Ang domeyn na ito ay nakakuha ng kabuoang mean na 4.14 at SD na 0.31, may palarawang katumbas na mataas. Ang mga indibidwal na pahayag ay nakakuha ng mean mula 3.82 hanggang 4.34. Pinakamataas ang mean ng pahayag na *mas gusto kong gumamit ng AK kaysa sa tradisyonal na pamamaraan sa ilang gawain* na may mean na 4.34 at SD na 0.64 na may palarawang katumbas na lalong mataas, habang ang pinakamababa ay ang *mas nagiging interesado akong matuto kapag gumagamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK)* na may mean na 3.82 at SD na 0.70 na may palarawang katumbas na mataas.

Ipinahiwatig ng mataas na antas ng kagustuhan at pagganyak na ang mga mag-aaral ay positibong naapektuhan ng paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) sa kanilang pagkatuto, bagama't may ilang aspeto pa na maaaring higit pang mapalakas. Ipinakita ng resulta na nakatulong ang AK sa pagpapanatili ng motibasyon ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng kanilang mga gawain at sa pagiging aktibo sa klase. Gayunpaman, ang bahagyang mas mababang marka sa kagustuhan ay maaaring nagpahiwatig na hindi sa lahat ng pagkakataon ay lubos na nakapagbigay ang Artipisyal na Katalinuhan (AK) ng sapat na sigla o pagkahilig sa pagkatuto. Ipinahayag sa datos na ang AK ay nakatulong sa pagpapataas ng kagustuhan at pagganyak ng mga mag-aaral, bagama't nanatiling may pangangailangan na higit pang mapahusay ang paggamit nito upang maging mas ganap na makabuluhan ang karanasan sa pagkatuto.

Ang resulta ng pananaliksik na ito ay nagpapakita ng pagkakatulad sa natuklasan nina Fernandez et al. (2025) na nagsasabing ang kagustuhan at pagganyak ay mahalagang salik sa aktibong pakikilahok at pagpapatuloy ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto. Ayon sa kanila, ang mga mag-aaral na may mataas na kagustuhan sa isang gawain ay mas nagiging masigasig, determinado, at handang maglaan ng oras at pagsisikap upang maisagawa ito nang maayos. Kaugnay nito, ipinatitibay sa pag-aaral nina Dipolog at Limpot (2020) na ang pagganyak ay may tuwirang makaapekto sa pakikilahok, pagganap, at pagtitiyaga ng mga mag-aaral sa iba't ibang akademikong gawain. Dagdag pa rito, pinatutunayan nina Acebes et al. (2024) na ang mataas na kagustuhan at pagganyak ay nagpapalakas sa kagustuhan ng mga mag-aaral na matuto, magsaliksik, at gumamit ng mga makabagong kagamitan upang mapabuti ang kanilang pagganap.

**Antas ng Saloobin sa Paggamit ng AK ayon sa Pagpapahalaga sa AK sa Pagkatuto**

Inilahad sa Talahanayan 5 ang antas ng saloobin sa paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) ayon sa pagpapahalaga sa AK sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Talahanayan 5: Antas ng Saloobin sa Paggamit ng AK ayon sa Pagpapahalaga sa AK sa Pagkatuto

| Mga Pahayag | SD | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1) Naniniwala akong mahalaga ang AK sa pagpapalalim ng aking kaalaman. | 0.55 | 4.19 | Mataas |
| 2) Nakakatulong ang AK sa pagpapabilis at pagpapadali ng pagkatuto. | 0.68 | 4.18 | Mataas |
| 3) Pinapahalagahan ko ang AK bilang kapaki-pakinabang na kasangkapan sa pag-aaral. | 0.67 | 4.27 | Lalong Mataas |
| 4) Ang AK ay makatutulong sa akin na mas maunawaan ang aralin. | 0.57 | 4.49 | Lalong Mataas |
| 5) Naniniwala akong magiging bahagi ng kinabukasan ng edukasyon ang AK. | 0.54 | 4.19 | Mataas |
| **Kabuoan** | **0.32** | **4.26** | **Lalong Mataas** |

4.20–5.00 – Lalong Mataas  2.60–3.39 –Katamtaman  1.00–1.79 – Lalong Mababa
3.40–4.19 – Mataas  1.80–2.59 – Mababa

Ang domeyn na ito ay nakakuha ng kabuoang mean na 4.26 at SD na 0.32, na may palarawang katumbas na lalong mataas. Ang mga indibidwal na pahayag ay nakakuha ng mean mula 4.18 hanggang 4.49. Pinakamataas ang mean ng pahayag na *ang AK ay makatutulong sa akin na mas maunawaan ang aralin* na may mean na 4.49 at SD na 0.57 na may palarawang katumbas na lalong mataas, habang ang pinakamababa ay ang *nakakatulong ang AK sa pagpapabilis at pagpapadali ng pagkatuto* na may mean na 4.18 at SD na 0.68 na may palarawang katumbas na mataas.

Ipinahiwatig ng lalong mataas na antas ng pagpapahalaga sa AK sa pagkatuto na kinilala ng mga mag-aaral ang mahalagang papel ng AK bilang kapaki-pakinabang na kasangkapan sa kanilang akademikong pag-unlad. Binigyang halaga ng resulta na itinuring nila ang AK bilang isang makabagong kasangkapan na nakatulong sa mas malinaw na pag-unawa sa mga aralin at sa pagpapalalim ng kanilang kaalaman. Higit pa rito, ipinahiwatig din ng datos na nakita ng mga mag-aaral ang AK bilang bahagi ng patuloy na pagbabago at pag-unlad ng edukasyon.

Ang resulta ng pananaliksik na ito ay nagpapatunay sa natuklasan nina Alajar at Orobia (2025) na nagsasabing ang AK ay may mahalagang ambag sa pagpapabuti ng karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon sa kanila, ang AK ay hindi lamang nagsisilbing teknolohikal na kasangkapan kundi isang makabuluhang katuwang sa pagpapalawak ng kaalaman, paglinang ng kasanayan, at pagpapadali ng pagkatuto. Kaugnay nito, ipinapakita sa pag-aaral nina Cardano at Dela Roca (2024) na ang mga mag-aaral na kumikilala sa halaga ng AK sa kanilang akademikong gawain ay mas nagiging bukas sa paggamit nito bilang suporta sa kanilang pag-aaral. Dagdag pa rito, pinatutunayan ni Inciso (2025) na ang mataas na pagpapahalaga sa AK ay may kaugnayan sa positibong pagtanggap sa teknolohiya bilang bahagi ng makabagong sistema ng edukasyon. Ipinamalas ng kanilang pag-aaral na ang pagpapahalaga sa AK sa pagkatuto ay nagpapahiwatig ng pagkilala ng mga mag-aaral sa kahalagahan nito bilang isang mabisa, kapaki-pakinabang, at makabagong instrumento sa kanilang akademikong pag-unlad.

**Buod ng Antas ng Saloobin sa Paggamit ng AK**

Ipinamalas sa Talahanayan 6 ang buod ng antas ng saloobin sa paggamit ng AK ng mga mag-aaral, batay sa mean at pamantayang paglihis ng bawat domeyn ng saloobin sa paggamit ng AK.

Talahanayan 6
Buod ng Antas ng Saloobin sa Paggamit ng AK

| Domeyn ng Saloobin sa Paggamit ng AK | SD | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| Kaginhawaan sa Paggamit ng AK | 0.46 | 4.15 | Mataas |
| Tiwala sa AK | 0.44 | 4.24 | Lalong Mataas |
| Pagiging Bukas sa Paggamit ng AK | 0.36 | 4.24 | Lalong Mataas |
| Interes at Motibasyon | 0.31 | 4.14 | Mataas |
| Pagpapahalaga sa AK sa Pagkatuto | 0.32 | 4.26 | Lalong Mataas |
| **Kabuoan** | **0.25** | **4.21** | **Lalong Mataas** |

4.20–5.00 – Lalong Mataas 2.60–3.39 –Katamtaman 1.00–1.79 – Lalong Mababa
3.40–4.19 – Mataas 1.80–2.59 – Mababa

Ang domeyn na pagpapahalaga sa AK sa pagkatuto ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.26 na may SD na 0.32, at may palarawang katumbas na lalong mataas. Sinundan ito ng tiwala sa AK at pagiging bukas sa paggamit ng AK, na parehong may mean na 4.24, na may SD na 0.44 at 0.36, at kapwa may

palarawang katumbas na lalong mataas. Samantala, ang Kaginhawaan sa Paggamit ng AK ay may mean na 4.15 at SD na 0.46, habang ang Interes at pagganyak ay may mean na 4.14 at SD na 0.31, na kapwa may palarawang katumbas na mataas. Sa kabuoan, ang antas ng saloobin sa paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) ay may mean na 4.21 at SD na 0.25, na may palarawang katumbas na lalong mataas.

Ipinahiwatig ng mga datos na ang mga mag-aaral ay nagkaroon ng positibo at mataas na antas ng saloobin sa paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) bilang bahagi ng kanilang pagkatuto. Ang partikular na mataas na antas ng tiwala sa Artipisyal na Katalinuhan (AK) ay nagpakita na naniwala ang mga mag-aaral sa kakayahan ng AK na makatulong sa kanilang akademikong gawain at pag-unawa sa mga aralin. Ang mataas ding antas ng pagpapahalaga at pagiging bukas sa paggamit ng AK ay nagpahiwatig na kinilala nila ang kahalagahan ng AK at naging handa silang tanggapin ito bilang bahagi ng makabagong proseso ng pagkatuto. Bagama't nasa antas na mataas lamang ang kaginhawaan sa paggamit ng AK at kagustuhan at pagganyak, Binigyang halaga pa rin nito na naging malaya at positibo ang mga mag-aaral sa paggamit nito. Gayunpaman, maaaring nangailangan pa ng higit na gabay, wastong paggamit, at integrasyon ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) sa pag-aaral upang higit pang mapataas ang kanilang kaginhawaan at sigla sa paggamit nito. Ipinagtibay ng resulta na ang saloobin sa paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) ay isang mahalagang salik sa pagkatuto ng mga mag-aaral, sapagkat ito ay nagkaroon ng ambag sa kanilang kahandaan, pagtanggap, at pagpapahalaga sa paggamit ng makabagong teknolohiya sa edukasyon.

Ang resulta ng pananaliksik na ito ay nagpapahiwatig ng pagkakatulad sa natuklasan ni Makiling (2024) na nagsasabing ang positibong saloobin ng mga gumagamit sa isang teknolohiya ay may malaking epekto sa kanilang pagtanggap at patuloy na paggamit ng AK. Ayon sa kanya, kapag nakikita ng mga indibidwal na kapaki-pakinabang at madaling gamitin ang isang teknolohiya, mas nagiging positibo ang kanilang pananaw at disposisyon rito. Ipinapakita nito na ang pagtanggap sa AK ay hindi lamang nakabatay sa mismong pagkakaroon ng teknolohiya, kundi sa paraan kung paano ito nararanasan at pinahahalagahan ng mga mag-aaral. Kapag nagiging magaan, mabilis, at kapaki-pakinabang ang paggamit ng AK sa kanilang pag-aaral, mas tumitibay ang kanilang paniniwala na ito ay makatutulong sa pagpapabuti ng kanilang pagkatuto.

Kaugnay nito, ipinamalas sa pag-aaral nina Borah et al. (2024) na ang positibong saloobin sa teknolohiya ay may mahalagang papel sa paghubog ng intensiyon ng mga mag-aaral na gamitin ito sa kanilang mga gawain. Nangangahulugan ito na kung ang mga mag-aaral ay may magandang karanasan sa paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK), mas nagiging bukas sila sa pagsasama nito sa kanilang pang-araw-araw na gawaing akademiko. Sa ganitong kalagayan, ang Artipisyal na Katalinuhan (AK) ay maaaring magsilbing gabay sa pag-unawa ng mahihirap na aralin, pagbuo ng mga idea, paghahanap ng impormasyon, at pagpapahusay ng kanilang mga gawain. Dahil dito, ang positibong saloobin ay nagiging mahalagang salik upang ang teknolohiya ay hindi lamang magamit, kundi tanggapin bilang bahagi ng makabuluhang proseso ng pagkatuto.

Dagdag pa rito, pinatutunayan nina Zawacki-Famor et al. (2024) na ang pagkakaroon ng mabuting pananaw sa Artipisyal na Katalinuhan (AK) ay nakatutulong sa mas malawak na pagtanggap nito bilang bahagi ng makabagong edukasyon. Ipinahihiwatig nito na kapag ang mga mag-aaral ay may tiwala sa kakayahan ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) na suportahan ang kanilang pagkatuto, mas nagiging handa silang gamitin ito nang may layunin at pananagutan.

**Antas ng Paggamit ng mga Terminolohiyang Filipino ng mga Mag-aaral**

Ipinagtibay sa bahaging ito ang antas ng paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ng mga mag-aaral sa konteksto ng pagkatuto sa tulong ng AK. Sinusuri ang baryabol na ito batay sa limang mahahalagang domeyn: (1) pag-unawa sa Filipino terminolohiya, (2) pagkakaroon ng kumpyansa, (3) pagiging komportable sa wika, (4) pagtanggap sa terminolohiyang Filipino, at (5) pagpapalalim ng pagkatuto.

IJRP.ORG
International Journal of Research Publications
ISSN: 2708-3578 (Online)



**Antas ng Paggamit ng mga Terminolohiyang Filipino ayon sa Pag-unawa sa Filipino Terminolohiya**

Inilahad sa Talahanayan 7 ang antas ng paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ayon sa pag-unawa sa Filipino terminolohiya ng mga mag-aaral.

Talahanayan 7
Antas ng Paggamit ng mga Terminolohiyang Filipino ayon sa Pag-unawa sa Filipino Terminolohiya

| Mga Pahayag | SD | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1) Mas nauunawaan ko ang kahulugan ng mga terminolohiyang Filipino kapag ginagamit ang AK. | 0.65 | 3.96 | Mataas |
| 2) Mas madali kong natututuhan ang mga bagong salita sa Filipino gamit ang AK. | 0.53 | 4.33 | Lalong Mataas |
| 3) Nakakatulong ang AK sa pagpapalalim ng aking kaalaman sa wikang Filipino. | 0.53 | 4.05 | Mataas |
| 4) Mas malinaw ang paggamit ng terminolohiyang Filipino kapag may AK na gabay. | 0.81 | 4.36 | Lalong Mataas |
| 5) Mas napapalakas ang aking pag-unawa sa Filipino sa tulong ng AK. | 0.68 | 4.57 | Lalong Mataas |
| **Kabuoan** | **0.45** | **4.25** | **Lalong Mataas** |

4.20–5.00 – Lalong Mataas 2.60–3.39 –Katamtaman 1.00–1.79 – Lalong Mababa
3.40–4.19 – Mataas 1.80–2.59 – Mababa

Ang domeyn na ito ay nakakuha ng kabuoang mean na 4.25 at may SD na 0.45, ito ay may palarawang katumbas na lalong mataas. Ang mga indibidwal na pahayag sabawat domeyn ay nakakuha ng mean mula 3.96 hanggang 4.57. Pinakamataas naman ang mean ng pahayag na *mas napapalakas ang aking pag-unawa sa Filipino sa tulong ng Artipisyal na Katalinuhan (AK)* na may mean na 4.57 at SD na 0.68 na may palarawang katumbas na lalong mataas, habang ang pinakamababa naman ay ang *mas nauunawaan ko ang kahulugan ng mga terminolohiyang Filipino kapag ginagamit ang Artipisyal na Katalinuhan (AK)* sa pagkatuto na may mean na 3.96 at SD na 0.65 na may palarawang katumbas na mataas.

Ipinahiwatig sa mga datos ng lalong mataas na antas ng pag-unawa sa terminolohiyang Filipino na ang Artipisyal na Katalinuhan (AK) ay malaki ang naitulong sa pagpapalawak at pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng mga terminolohiyang Filipino. Ipinamalas ng mga resulta na nakatutulong ang AK sa paglinang ng bokabularyo, sa pagpapalinaw ng paggamit ng mga salita, at sa pagpapahusay ng pag-unawa sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Ipinahiwatig din nito na ang Artipisyal na Katalinuhan (AK) ay nagsilbing mabisang gabay sa pag-aaral ng mga konsepto at terminolohiya sa asignaturang Filipino. Binigyang kahulugan ng mga datos na ang AK ay isang mahalagang kasangkapan sa pagpapalakas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa Filipino terminolohiya, na maaaring nag-ambag sa higit na mabisa at makabuluhang pagkatuto sa wika.

Ang mga resulta ng pananaliksik na ito ay sumasalamin sa natuklasan nina Delizo at Behhay (2024) ito ay nagsasabing ang malalim na pag-unawa sa wika at mga terminolohiyang ginagamit sa pagkatuto ay mahalaga sa pagbuo ng kahulugan at paglinang ng akademikong kasanayan ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Ayon sa kanila, ang pagkakaroon ng malinaw na pag-unawa sa mga salita at mga konseptong ginagamit sa aralin ay malaki ang naitutulong nito upang maging mas mabisa ang pagproseso ng mga impormasyon at pagkatuto ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, binigyang halaga sa pag-aaral nina Pinili at Naparota (2025) ang mga pag-unawa sa akademikong bokabularyo at terminolohiyang Filipino ay may mahalagang papel sa pag-

unlad ng pagkatuto, lalo na sa pag-unawa sa mga aralin at akademikong diskurso ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, pinatunayan sap ag-aaral ni Tobias (2025) na ang kakayahang maunawaan ang mga terminolohiya sa wikang Filipino ng pagtuturo ay nakatutulong sa mas mataas na antas ng pakikilahok, pagkatuto, at pagganap ng mga mag-aaral gamit ang Artipisyal na Katalinuhan (AK).

**Antas ng Paggamit ng mga Terminolohiyang Filipino ayon sa Pagkakaroon ng Kumpyansa**

Inilarawan sa Talahanayan 8 ang antas ng paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ayon sa pagkakaroon ng kumpyansa ng mga mag-aaral sa pagkatuto.

Talahanayan 8
Antas ng Paggamit ng mga Terminolohiyang Filipino ayon sa Pagkakaroon ng Kumpyansa

| Mga Pahayag | SD | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1) Mas tiwala ako sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino sa klase kapag gumagamit ng AK. | 0.51 | 4.61 | Lalong Mataas |
| 2) Nakakaramdam ako ng tiwala sa paggawa ng mga akademikong gawain gamit ang Filipino at AK. | 0.51 | 4.64 | Lalong Mataas |
| 3) Handa akong ipakita ang aking kaalaman sa Filipino kapag may tulong ng AK. | 0.49 | 4.69 | Lalong Mataas |
| 4) Mas maayos kong nagagamit ang mga tamang salita sa Filipino sa tulong ng AK. | 0.49 | 4.69 | Lalong Mataas |
| 5) Mas panatag akong magsalita at sumulat sa Filipino gamit ang AK. | 0.51 | 4.63 | Lalong Mataas |
| **Kabuoan** | **0.48** | **4.65** | **Lalong Mataas** |

4.20–5.00 – Lalong Mataas  2.60–3.39 –Katamtaman  1.00–1.79 – Lalong Mababa
3.40–4.19 – Mataas  1.80–2.59 – Mababa

Ang domeyn na ito ay nakakuha ng kabuoang mean na 4.65 at SD na 0.48, na may palarawang katumbas na lalong mataas. Ang mga indibidwal na pahayag ay nakakuha ng mean mula 4.61 hanggang 4.69. Pinakamataas ang mean ng pahayag na *handa akong ipakita ang aking kaalaman sa Filipino kapag may tulong ng AK* at *mas maayos kong nagagamit ang mga tamang salita sa Filipino sa tulong ng AK* na kapwa may mean na 4.69 at SD na 0.49 na may palarawang katumbas na lalong mataas, habang ang pinakamababa ay ang *mas tiwala ako sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino sa klase kapag gumagamit ng AK* na may mean na 4.61at SD na 0.51 na may palarawang katumbas na lalong mataas.

Ipinamalas na lalong mataas na antas ng pagkakaroon ng kumpiyansa na ang AK ay malaki ang naitulong sa pagpapataas ng tiwala ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino. Ipinahayag ng resulta na ang AK ay nagsilbing suporta sa paggamit ng wastong mga salita, sa pagsasagawa ng mga akademikong gawain, at sa pagpapahayag ng kaalaman sa Filipino. Dahil dito, naging mas handa at mas panatag ang mga mag-aaral sa kanilang paggamit ng wika sa iba't ibang konteksto ng pag-aaral. Ibinunyag ng datos na ang AK ay isang mahalagang kasangkapan sa pagpapalakas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino, na nagkaroon ng positibong ambag sa kanilang komunikasyon at akademikong pagganap.

Ang resulta ng pananaliksik na ito ay nagpapatibay sa natuklasan ni Generale (2025) na nagsasabing ang kumpiyansa ay may mahalagang papel sa kakayahan ng mga mag-aaral na gamitin ang mga kasangkapan

IJRP.ORG
International Journal of Research Publications
ISSN: 2708-3578 (Online)



at pamamaraang makatutulong sa kanilang pagkatuto. Ayon sa kanya, naniniwala ang mga mag-aaral sa kanilang kakayahang gumamit ng isang kagamitan o teknolohiya, mas nagiging handa silang gamitin ito sa paglinang ng kanilang kaalaman at kasanayan. Kaugnay nito, ipinamalas sa pag-aaral nina Calisang et al. (2026) na ang mataas na antas ng kumpiyansa ay may tuwirang epekto sa pakikilahok, pagganap, at patuloy na paggamit ng mga pamamaraang pang-akademiko. Dagdag pa rito, pinatutunayan nina Mayag-as et al. (2023) na ang kumpiyansa sa paggamit ng teknolohiya ay nagpapalakas sa kahandaan ng mga indibidwal na gamitin ito sa kanilang mga gawain sa pagkatuto.

**Antas ng Paggamit ng mga Terminolohiyang Filipino ayon sa Pagiging Komportable sa Wika**

Ipinahayag sa Talahanayan 9 ang antas ng paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ayon sa pagiging panatag sa wika ng mga mag-aaral.

Talahanayan 9
Antas ng Paggamit ng mga Terminolohiyang Filipino ayon sa Pagiging Komportable sa Wika

| Mga Pahayag | SD | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1) Mas madali kong naisasaayos ang mga idea sa Filipino gamit ang AK. | 0.43 | 4.75 | Lalong Mataas |
| 2) Komportable akong gumamit ng Filipino sa paggawa ng proyekto at takdang-aralin gamit ang AK. | 0.43 | 4.76 | Lalong Mataas |
| 3) Mas nagiging natural ang paggamit ko ng wika sa AK na pantulong sa gawain. | 0.41 | 4.79 | Lalong Mataas |
| 4) Mas nagiging madali ang pakikipagkomunikasyon sa Filipino sa tulong ng AK. | 0.38 | 4.83 | Lalong Mataas |
| 5) Mas naipapahayag ko nang malinaw ang aking mga idea sa Filipino sa tulong ng AK. | 0.43 | 4.76 | Lalong Mataas |
| **Kabuoan** | **0.40** | **4.78** | **Lalong Mataas** |

4.20–5.00 – Lalong Mataas 2.60–3.39 –Katamtaman 1.00–1.79 – Lalong Mababa
3.40–4.19 – Mataas 1.80–2.59 – Mababa

Ang domeyn na ito ay nakakuha ng kabuoang mean na 4.78 at SD na 0.40, na may palarawang katumbas na lalong mataas. Ang mga indibidwal na mag-aaral na may pahayag ay nakakuha ng mean mula 4.75 hanggang 4.83. Pinakamataas ang mean ng pahayag na *mas nagiging madali ang pakikipagkomunikasyon sa Filipino sa tulong ng AK* na may mean na 4.83 at SD na 0.38 na may palarawang katumbas na lalong mataas, habang ang pinakamababa na makikita sa mga datos ay ang *mas madali kong naisasaayos ang mga idea sa Filipino gamit ang AK* na may mean na 4.75 at SD na 0.43 na may palarawang katumbas na lalong mataas.

Ipinahayag na lalong mataas na antas ng pagiging panatag sa wika na ang AK ay malaki ang naitulong sa pagpapadali ng paggamit ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa pagkatuto, lalo na sa pagsasaayos ng kaisipan, pakikipagkomunikasyon, at may malinaw na pagpapahayag ng mga idea. Ipinamalas din ng mga resulta na naging karaniwan at maasahan ang paggamit ng Filipino sa tulong ng AK, kinalabasan na mas mataas na antas ng kaginhawaan sa paggamit ng wika sa iba't ibang akademikong gawain at pagkatuto. Ipinagtibay ng mga datos na ang AK ay isang mahalagang kasangkapan sa pagpapataas ng pagiging panatag ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino, ito ay nagkaroon ng malaking ambag sa

kanilang kakayahang makipagkomunikasyon at magpahayag ng idea nang malinaw at mabisa.

Ang mga resulta ng pananaliksik na ito ay nagpapakita ng pagkakatulad sa natuklasan nina Bagayas et al. (2024) na nagsasabing ang pagiging malaya ng mga mag-aaral sa wikang ginagamit ay may malaking ambag sa kanilang pagkatuto at paglahok sa akademikong gawain. Ayon sa kanya, kapag mababa ang antas ng tensiyon at pagkalito at mataas ang antas ng pagiging malaya sa wika, mas nagiging bukas at handa ang mga mag-aaral sa pagproseso ng mga impormasyon at paggamit ng kanilang kaalaman. Kaugnay nito, ipinamalas sa pag-aaral nina Apales at Cruz (2026) na ang malayang paggamit ng wika ay nakatutulong sa mas malinaw na pag-unawa sa mga konsepto at mas mabisang pakikilahok sa pagkatuto. Dagdag pa rito, pinatutunayan nina Tan at Macaltao (2026) ang pagiging malaya at panatag ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika ay nagpapalakas sa kakayahan ng mga mag-aaral na ipahayag ang kanilang kaisipan at mas mapalalim ang kanilang pagkatuto. Binigyang halaga sa kanilang mga pag-aaral na ang mataas na pagiging panatag sa wika ay nagpapahiwatig ng positibong ugnayan at may tiwala sa sarili sa paggamit ng Filipino terminolohiya, na mahalaga sa mas makabuluhan at mabisang pagkatuto ng mga mag-aaaral.

**Antas ng Paggamit ng mga Terminolohiyang Filipino ayon sa Pagtanggap sa Terminolohiyang Filipino**

Ipinamalas sa Talahanayan 10 ang antas ng paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ayon sa pagtanggap sa terminolohiyang Filipino ng mga mag-aaral.

Talahanayan 10
Antas ng Paggamit ng mga Terminolohiyang Filipino ayon sa Pagtanggap sa Terminolohiyang Filipino

| Mga Pahayag | SD | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1) Bukas akong gamitin ang mga bagong terminolohiyang Filipino sa klase gamit ang AK. | 0.55 | 4.51 | Lalong Mataas |
| 2) Handa akong tanggapin ang pagbabago sa paggamit ng wika sa tulong ng AK. | 0.52 | 4.56 | Lalong Mataas |
| 3) Mas positibo ang pananaw ko sa paggamit ng Filipino sa mga gawain sa klase kapag may AK. | 0.49 | 4.61 | Lalong Mataas |
| 4) Mas tinatanggap ko ang mga terminolohiyang Filipino bilang bahagi ng pagkatuto sa AK. | 0.52 | 4.53 | Lalong Mataas |
| 5) Nakikita ko ang kahalagahan ng terminolohiyang Filipino sa pagtuturo at pagkatuto gamit ang AK. | 0.49 | 4.60 | Lalong Mataas |
| **Kabuoan** | **0.48** | **4.56** | **Lalong Mataas** |

4.20–5.00 – Lalong Mataas 2.60–3.39 –Katamtaman 1.00–1.79 – Lalong Mababa
3.40–4.19 – Mataas 1.80–2.59 – Mababa

Makikita sa talahanayan ang kabuuang pananaw at antas ng pag-unawa ng mga kalahok hinggil sa paggamit ng mga salitang Filipino sa iba't ibang gawaing pang-akademiko at pangkomunikasyon. Ipinamalas rin dito kung gaano kahalaga at mabisa ang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino sa pagpapadali ng pagkatuto at pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagsusuring ito, nabibigyang-diin ang lawak ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa paggamit ng sariling wika bilang midyum sa paglinang ng kaalaman at kasanayan. Dagdag pa rito, ipinahihiwatig ng resulta na nagiging mas malinaw,

makabuluhan, at madaling maunawaan ang mga aralin kapag gumagamit ng angkop na terminolohiyang Filipino sa proseso ng pagkatuto.

Ang domeyn na ito ay nakakuha ng kabuoang mean na 4.56 at SD na 0.48, na may palarawang katumbas na lalong mataas. Ang mga indibidwal na pahayag ay nakakuha ng mean mula 4.51 hanggang 4.61. Pinakamataas ang mean ng pahayag na *mas positibo ang pananaw ko sa paggamit ng Filipino sa mga gawain sa klase kapag may AK* ay may mean na 4.61at SD na 0.49 na may palarawang katumbas na lalong mataas, habang ang pinakamababa ay ang *bukas akong gamitin ang mga bagong terminolohiyang Filipino sa klase gamit ang AK* na may mean na 4.51 at SD na 0.55 na may palarawang katumbas na lalong mataas.

Ipinahiwatig ng lalong mataas na antas ng pagtanggap sa terminolohiyang Filipino na ang mga mag-aaral ay positibong pagtanggap sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino bilang bahagi ng kanilang pagkatuto sa tulong ng AK. Ipinamalas ng resulta na naging bukas sila sa paggamit ng mga bagong termino, pagtanggap ng pagbabago sa paggamit ng wika, at sa pagkilala sa kahalagahan ng Filipino sa konteksto ng makabagong teknolohiya. Ipinahiwatig din nito na ang AK ay nagsilbing tulay upang mas maging makabuluhan at ang paggamit ng terminolohiyang Filipino sa akademikong konteksto. Ipinahayag ng datos na ang AK ay naging mahalagang salik sa pagpapalakas ng pagtanggap sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino, na nagkaroon ng positibong ambag sa kanilang pagkatuto at pagpapahalaga sa wika.

Ang resulta ng pananaliksik na ito ay nagpapahiwatig ng pagkakatulad sa natuklasan nina Lumacao at Ijan (2024) na nagsasabing ang pagtanggap sa isang wika o terminolohiya ay mahalagang bahagi ng patuloy na paggamit at pagpapanatili nito sa isang komunidad ng mga tagagamit. Ayon sa kanya, kapag positibo ang pananaw ng mga indibidwal sa isang wika, mas nagiging bukas sila sa paggamit at pagpapahalaga rito sa iba't ibang konteksto. Kaugnay nito, ipinamalas sa pag-aaral nina Mayorga et al. (2025) na ang pagtanggap sa wikang ginagamit sa akademikong gawain ay nakaaapekto sa antas ng partisipasyon, pag-unawa, at paggamit ng mga mag-aaral sa nasabing wika. Dagdag pa rito, pinatutunayan nina Milan et al. (2025) na ang positibong pagtanggap sa mga terminolohiyang ginagamit sa pagkatuto ay nagpapalakas sa kakayahan ng mga mag-aaral na gamitin ang mga ito nang mas malaya at makabuluhan. Ipinahayag ng kanilang pag-aaral na ang mataas na pagtanggap sa terminolohiyang Filipino ay nagpapahiwatig ng kahandaan at positibong disposisyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino bilang mahalagang kasangkapan sa pagkatuto.

**Antas ng Paggamit ng mga Terminolohiyang Filipino ayon sa Pagpapalalim ng Pagkatuto**

Binigyang kahulugan sa Talahanayan 11 ang antas ng paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ayon sa pagpapalalim ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Binigyang halaga rito kung paano nakatutulong ang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino sa mas malalim na pag-unawa, pagsusuri, at paglalapat ng kaalaman sa iba't ibang sitwasyong pang-akademiko at pagkatuto. Makikita rin na nagiging mas makahulugan at mabisa ang proseso ng pagkatuto kapag ginagamit ang wikang higit na nauunawaan ng mga mag-aaral.

Talahanayan 11: Antas ng Paggamit ng mga Terminolohiyang Filipino ayon sa Pagpapalalim ng Pagkatuto

| Mga Pahayag | SD | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1) Nakakatulong ang paggamit ng terminolohiyang Filipino sa AK upang mas malalim ang aking pagkatuto. | 0.48 | 4.65 | Lalong Mataas |
| 2) Mas nauunawaan ko ang mga konsepto sa Filipino kapag ginagamit ang AK. | 0.47 | 4.67 | Lalong Mataas |
| 3) Mas napapahusay ang aking kaalaman sa Filipino sa tulong ng AK. | 0.52 | 4.63 | Lalong Mataas |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 4) Mas aktibo akong natututo sa pamamagitan ng pagsasanay gamit ang Filipino at AK. | 0.47 | 4.68 | Lalong Mataas |
| 5) Nakakatulong ang AK sa pagbuo ng mas malalim at mas kumpletong pag-unawa sa Filipino. | 0.52 | 4.64 | Lalong Mataas |
| **Kabuoan** | **0.48** | **4.65** | **Lalong Mataas** |

4.20–5.00 – Lalong Mataas 2.60–3.39 –Katamtaman 1.00–1.79 – Lalong Mababa
3.40–4.19 – Mataas 1.80–2.59 – Mababa

Ang domeyn na ito ay nakakuha ng kabuoang mean na 4.65 at SD na 0.48, na may palarawang katumbas na lalong mataas. Ang mga indibidwal na pahayag ay nakakuha ng mean mula 4.63 hanggang 4.68. Pinakamataas ang mean ng pahayag na *mas aktibo akong natututo sa pamamagitan ng pagsasanay gamit ang Filipino at Artipisyal na Katalinuhan (AK)* na kapwa may mean na 4.68 at SD na 0.47 na may palarawang katumbas na lalong mataas, habang ang pinakamababa ay ang *mas napapahusay ang aking kaalaman sa Filipino sa tulong ng Artipisyal na Katalinuhan (AK)* na may mean na 4.63 at SD na 0.52 na may palarawang katumbas na lalong mataas.

Ipinahiwatig ng lalong mataas na antas ng pagpapalalim ng pagkatuto na ang paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) kasama ang terminolohiyang Filipino ay malaki ang naitulong sa pagpapalawak at pagpapalalim ng kaalaman ng mga mag-aaral. Ipinakita ng resulta na naging mas malinaw ang pag-unawa sa mga konsepto, mas naging aktibo ang pakikilahok sa pagkatuto, at mas naging kumpleto ang pag-unawa sa mga aralin sa Filipino. Ipinahiwatig din nito na ang Artipisyal na Katalinuhan (AK) ay nagsilbing mabisang kasangkapan sa pagpapahusay ng kritikal na pag-iisip at paglinang ng mas mataas na antas ng pagkatuto. Ipinabatid ng datos na ang Artipisyal na Katalinuhan (AK) ay nagkaroon ng mahalagang papel sa pagpapalalim ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa wikang Filipino, na nag-ambag sa mas makabuluhan at mas mataas na kalidad ng pagkatuto.

Ang kinalabasan ng pananaliksik na ito ay nagpapatibay sa natuklasan nina Delizo at Behhay (2024) na nagsasabing ang malalim na pagkatuto ay nagaganap kapag ang mga mag-aaral ay hindi lamang nagmememorya ng impormasyon kundi tunay na nauunawaan, naiuugnay, at nailalapat ang mga konseptong kanilang natutuhan. Ayon sa kanila, ang pagpapalalim ng pagkatuto ay mahalaga upang magkaroon ng mas matibay na pundasyon ng kaalaman at mas makahulugang pagkatuto. Kaugnay nito, ipinamalas sa pag-aaral nina Tan at Macaltao (2026) na ang mga mag-aaral na nakikibahagi sa mas malalim na proseso ng pagkatuto ay mas nagkakaroon ng kakayahang magsuri, magpaliwanag, at mag-ugnay ng kaalaman sa mga tunay na sitwasyon. Dagdag pa rito, pinatutunayan nina Sumalpong at Naparota (2025) na ang makabuluhan at masusing pagproseso ng impormasyon ay nagreresulta sa mas matagal na pagkatuto ng mga mag-aaral at mas mahusay na paglalapat ng kaalaman. Ipinamalas ng kanilang pag-aaral na ang mataas na pagpapalalim ng pagkatuto ay nagpapahiwatig ng mas masusing pag-unawa, mas aktibong pagproseso ng kaalaman, at mas makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Buod ng Antas ng Paggamit ng mga Terminolohiyang Filipino**

Ipinabatid sa Talahanayan 12 ang buod ng antas ng paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ng mga mag-aaral, batay sa mean at standard deviation ng bawat domeyn ng paggamit ng terminolohiyang Filipino.

Talahanayan 12: Buod ng Antas ng Paggamit ng mga Terminolohiyang Filipino

| Domeyn ng Paggamit ng Terminolohiyang Filipino | SD | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| Pag-unawa sa Filipino Terminolohiya | 0.45 | 4.25 | Lalong Mataas |
| Pagkakaroon ng Kumpyansa | 0.48 | 4.65 | Lalong Mataas |
| Pagiging Komportable sa Wika | 0.40 | 4.78 | Lalong Mataas |
| Pagtanggap sa Terminolohiyang Filipino | 0.49 | 4.56 | Lalong Mataas |
| Pagpapalalim ng Pagkatuto | 0.48 | 4.65 | Lalong Mataas |
| **Kabuoan** | **0.32** | **4.58** | **Lalong Mataas** |

4.20–5.00 – Lalong Mataas 2.60–3.39 –Katamtaman 1.00–1.79 – Lalong Mababa
3.40–4.19 – Mataas 1.80–2.59 – Mababa

Ang domeyn na pagiging komportable sa wika ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.78 na may SD na 0.40, at may palarawang katumbas na lalong mataas. Sinundan ito ng pagkakaroon ng kumpyansa at pagpapalalim ng pagkatuto, na parehong may mean na 4.65 at SD na 0.48, at kapwa may palarawang katumbas na lalong mataas. Kasunod nito ang pagtanggap sa terminolohiyang filipino na may mean na 4.56 at SD na 0.49, na may palarawang katumbas na lalong mataas. Samantala, ang pag-unawa sa filipino terminolohiya ay may mean na 4.25 at SD na 0.45, na may palarawang katumbas pa rin na lalong mataas. Sa kabuoan, ang antas ng paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ay may mean na 4.58 at SD na 0.32, na may palarawang katumbas na lalong mataas.

Ipinahiwatig ng mga datos na ang mga mag-aaral ay nagkaroon ng napakataas na antas ng paggamit ng mga terminolohiyang Filipino sa tulong ng AK. Ang partikular na mataas na antas ng pagiging panatag sa wika ay nagpakita na ang AK ay nakatulong sa pagpapadali ng paggamit ng Filipino sa pagsasaayos ng idea, pakikipagkomunikasyon, at malinaw na pagpapahayag. Ipinakita rin ng mataas na antas ng pagpapalalim ng pagkatuto at pagkakaroon ng kumpiyansa na ang AK ay nagkaroon ng mahalagang papel sa pagpapaunlad ng kaalaman, pag-unawa, at tiwala ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino. Higit pa rito, ang mataas na antas ng pagtanggap sa terminolohiyang Filipino at pag-unawa sa Filipino terminolohiya ay nagpahiwatig na kinilala ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng paggamit ng Filipino sa kanilang pagkatuto at naging bukas sila sa paggamit nito sa tulong ng makabagong teknolohiya. Ipinakita nito na ang AK ay hindi lamang nagsilbing teknolohikal na kasangkapan, kundi isa ring mabisang pantulong sa pagpapaunlad ng wikang Filipino sa akademikong konteksto. Ipinakita ng resulta na ang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ay naging mahalagang bahagi ng makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral, at ang AK ay nagkaroon ng malaking ambag sa pagpapalawak, pagpapalalim, at pagpapalakas ng kanilang paggamit ng wikang Filipino sa pag-aaral.

Ang resulta ng pananaliksik na ito ay sumasalamin sa natuklasan nina Tabuldan et al. (2024) na nagsasabing ang aktuwal na paggamit ng isang wika o terminolohiya ay mahalagang indikasyon ng pagtanggap, pag-unawa, at pagpapahalaga rito ng mga mag-aaral. Mas nagiging makabuluhan ang pagkatuto kapag aktibong nagagamit ng mga mag-aaral ang wikang kanilang natutuhan sa iba't ibang akademikong gawain. Kaugnay nito, ipinapakita sa pag-aaral nina Batuigas et al. (2025) na ang paggamit ng akademikong wika at mga terminolohiya ay may malaking ambag sa pagpapalawak ng kaalaman at sa paglinang ng kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, pinatutunayan ni Mendoza (2025) na ang malayang paggamit ng wika sa iba't ibang konteksto ng pagkatuto ay nagpapalakas sa kakayahan ng mga mag-aaral na maipahayag nang malinaw at makabuluhan ang kanilang kaisipan.

**Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Saloobin sa Paggamit ng Artipiysal na Katalinuhan (AK) at Paggamit ng mga Terminolohiyang Filipino**

Inilahad sa Talahanayan 13 ang pagsusuri sa ugnayan sa pagitan ng saloobin sa paggamit ng AK at paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ng mga mag-aaral.

Talahanayan 13
Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Saloobin sa Paggamit ng AK at Paggamit ng mga Terminolohiyang Filipino

| Mga Baryabol | Mean | SD | R | $r^2$ | p-value | Desisyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Saloobin sa Paggamit ng AK | 4.21 | 0.25 | 0.193 | 0.037 | 0.000 | Tinanggihan ang $Ho_1$ |
| Paggamit ng mga Terminolohiyang Filipino | 4.58 | 0.32 | | | | |

Batay sa resulta, ang koepisyent ng ugnayan (r) ay 0.193 na may p-value na 0.000, na mas mababa kaysa sa itinakdang antas ng kahalagahan na 0.05. Ipinahihiwatig nito na may napakahina ngunit estadistikang makabuluhang positibong ugnayan sa pagitan ng saloobin sa paggamit ng AK at paggamit ng mga terminolohiyang Filipino. Ang koepisyent ng determinasyon ($r^2$) ay 0.037, na nangangahulugang 3.7% lamang ng pagbabago sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ang maaaring ipaliwanag ng saloobin sa paggamit ng AK. Dahil sa estadistikang kahalagahan ng ugnayan, tinanggihan ang null hypothesis ($Ho_1$), na nagpapakita ng pagkakaroon ng makabuluhang relasyon sa pagitan ng dalawang baryabol.

Ipinahayag ng resulta na habang mas naging positibo ang saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng AK, bahagya ring tumaas ang kanilang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino. Gayunpaman, ang napakahinang antas ng ugnayan ay nagpahiwatig na ang saloobin sa paggamit ng AK ay hindi naging pangunahing salik na nakaapekto sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino. Ipinahiwatig nito na maaaring may iba pang mga salik, tulad ng antas ng kasanayan sa wika, pamamaraan ng pagtuturo, o konteksto ng pagkatuto, na higit na nakaapekto sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino. Ipinakita ng resulta na bagama't may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng saloobin sa paggamit ng AK at paggamit ng mga terminolohiyang Filipino, ang lakas ng ugnayang ito ay nanatiling napakahina, kaya't kinakailangang isaalang-alang ang iba pang mga salik upang higit na maipaliwanag ang paggamit ng terminolohiyang Filipino sa konteksto ng pagkatuto.

Ang kinalabasan ng pag-aaral ay nagpapakita ng pagkakatulad sa natuklasan ni Cavan Jr. (2021) na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng positibong saloobin ng mga gumagamit sa teknolohiya at ng kanilang aktuwal na paggamit nito. Ipinamalas sa kanyang pananaliksik na kapag itinuturing ng mga indibidwal na kapaki-pakinabang at madaling gamitin ang isang teknolohiya, mas nagiging positibo ang kanilang saloobin at mas tumataas ang posibilidad na ito ay kanilang gamitin sa iba't ibang gawain. Sa konteksto ng kasalukuyang pag-aaral, ipinahihiwatig nito na ang positibong saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng AK ay maaaring nagbubukas ng mas malawak na oportunidad upang magamit nila ito bilang suporta sa pag-unawa at paggamit ng mga terminolohiyang Filipino.

Dagdag pa rito, kinikilala nina Acebes et al. (2024) na ang saloobin ng mga gumagamit sa teknolohiya ay may mahalagang epekto sa kanilang intensiyon at aktuwal na paggamit nito. Ayon sa kanilang pag-aaral, ang positibong pananaw sa teknolohiya ay nagiging daan upang mas maging handa at bukas ang mga gumagamit sa pagsasama nito sa kanilang pang-araw-araw at akademikong gawain. Sa ganitong pananaw, maaaring ipalagay na ang mga mag-aaral na may mabuting saloobin sa AK ay mas nagiging masigasig sa paggamit nito upang mas mapalawak ang kanilang kaalaman at aplikasyon ng mga terminolohiyang Filipino.

Samantala, pinatutunayan ni Silagan (2025) na ang positibong pagtanggap at saloobin sa Artipisyal na Katalinuhan (AK) ay may tuwirang kaugnayan sa lawak ng paggamit nito sa konteksto ng edukasyon. Ipinahayag sa kanilang pag-aaral na ang AK ay nagiging mas makabuluhang kasangkapan sa pagkatuto kapag ito ay tinatanggap ng mga mag-aaral bilang kapaki-pakinabang at suportibo sa kanilang akademikong pangangailangan. Ipinapakita ng mga datos na ang ugnayan sa pagitan ng saloobin sa paggamit ng AK at paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ay mahalaga sa pagpapaunlad ng mas makabuluhan, makabago, at episyenteng pagkatuto sa asignaturang Filipino.

**Mga Domeyn ng Saloobin sa Paggamit ng AK na may Makabuluhang Impluwensiya sa Paggamit ng mga Terminolohiyang Filipino**

Ipinamalas sa Talahanayan 14 ang resulta ng regression analysis na sumusuri kung paanong ang iba't ibang domeyn ng saloobin sa paggamit ng AK, kabilang ang kaginhawaan sa paggamit ng AK, tiwala sa AK, pagiging bukas sa paggamit ng AK, kagustuhan at pagganyak, at pagpapahalaga sa AK sa pagkatuto, ay may makabuluhang epekto sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ng mga mag-aaral. Ang resulta ng *multiple regression analysis* ay nagpapakita ng R na 0.304 at $R^2$ na 0.092, na nangangahulugang 9.2% ng pagbabago sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ay maipapaliwanag ng limang domeyn ng saloobin sa paggamit ng AK. Ipinapahiwatig rin ng resulta na ang modelong regression ay makabuluhan, sapagkat ang F-value na 6.705 ay may p-value na 0.000, na mas mababa kaysa sa antas ng kahalagahan na 0.05. Dahil dito, tinanggihan ang null hypothesis ukol sa kawalan ng makabuluhang epekto ng mga domeyn ng saloobin sa paggamit ng AK sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino.

Talahanayan 14
Mga Domeyn ng Saloobin sa Paggamit ng AK na may Makabuluhang Impluwensiya sa Paggamit ng mga Terminolohiyang Filipino

| Mga Domeyn | B | SE | Beta | t-stat | p-value | Desisyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Constant | 4.403 | 0.357 | | 12.336 | 0.000 | Makabuluhan |
| Kaginhawaan sa Paggamit ng AK | 0.013 | 0.064 | 0.018 | 0.200 | 0.841 | Hindi Makabuluhan |
| Tiwala sa AK | 0.146 | 0.061 | 0.202 | 2.372 | 0.018 | Makabuluhan |
| Pagiging Bukas sa Paggamit ng AK | 0.083 | 0.066 | 0.093 | 1.255 | 0.211 | Hindi Makabuluhan |
| Kagustuhan at Pagganyak | -0.087 | 0.058 | -0.085 | -1.504 | 0.134 | Hindi Makabuluhan |
| Pagpapahalaga sa AK sa Pagkatuto | -0.115 | 0.052 | -0.115 | -2.188 | 0.029 | Makabuluhan |

*Regression Equation:*

Paggamit ng mga Terminolohiyang Filipino =

**4.403 + 0.013 (Kaginhawaan sa Paggamit ng AK) + 0.146 (Tiwala sa AK) + 0.083 (Pagiging Bukas sa Paggamit ng AK) − 0.087 (Kagustuhan at Pagganyak) − 0.115 (Pagpapahalaga sa AK sa Pagkatuto)**

*Model Fit:*

**R = 0.304; $R^2$ = 0.092; F = 6.705; p-value = 0.000**

Batay sa mga resulta, dalawang domeyn lamang ang lumabas na may makabuluhang epekto sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino. Una, ang tiwala sa AK ay may positibong makabuluhang epekto (B = 0.146, Beta = 0.202, t = 2.372, p = 0.018), na nagpapahiwatig na habang tumataas ang antas ng tiwala ng mga mag-aaral sa AK, tumataas din ang antas ng kanilang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino. Ikalawa, ang pagpapahalaga sa AK sa pagkatuto ay may negatibong makabuluhang epekto (B = -0.115, Beta

= -0.115, t = -2.188, p = 0.029), na nagpapahiwatig na sa presensya ng iba pang domeyn, ito ay may kabaligtarang direksiyon ng epekto sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino. Samantala, ang kaginhawaan sa paggamit ng AK (B = 0.013, p = 0.841), pagiging bukas sa paggamit ng AK (B = 0.083, p = 0.211), at kagustuhan at pagganyak (B = -0.087, p = 0.134) ay hindi nagpakita ng makabuluhang epekto sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino.

Ipinahihiwatig ng mga resulta na ang tiwala ng mga mag-aaral sa AK ang isa sa pinakamahalagang salik na may kaugnayan sa kanilang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino. Ipinapaliwanag nito na kapag may paniniwala ang mga mag-aaral sa kakayahan at pagiging kapaki-pakinabang ng AK, mas nagiging bukas sila sa paggamit ng Filipino sa kanilang pagkatuto. Samantala, ang negatibong epekto ng pagpapahalaga sa AK sa pagkatuto ay maaaring magpahiwatig ng pagkakaroon ng patong-patong o sabayang epekto sa pagitan ng mga domeyn, kung saan ang natatanging kontribusyon nito ay nagbabago kapag isinasaalang-alang ang iba pang predictor sa modelo. Inihahayag ng resulta na ang mga domeyn ng saloobin sa paggamit ng AK ay may makabuluhang epekto sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino, bagama't ang lakas ng epektong ito ay nananatiling mababa. Ipinahihiwatig nito na may iba pang mga salik bukod sa saloobin sa AK na maaaring higit na nakaaapekto sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino sa konteksto ng pagkatuto.

Ang natuklasang ito ay pinagtitibay ng pag-aaral nina Alajar at Orobia (2025) na nagsabing ang tiwala sa AK ay may mahalagang papel sa pagtanggap at patuloy na paggamit nito sa iba't ibang gawain, kabilang ang edukasyon. Kaugnay nito, ipinakita rin nina Basaca et al. (2025) na ang tiwala sa AK ay may tuwirang kaugnayan sa kahandaan ng mga gumagamit na gamitin ito sa mga gawaing nangangailangan ng pag-unawa, analisis, at pagdedesisyon. Sa konteksto ng kasalukuyang pag-aaral, ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng tiwala sa AK ay mas nagkakaroon ng kahandaan at kumpiyansa na gamitin ito bilang suporta sa pag-unawa at paggamit ng mga terminolohiyang Filipino.

Sa kabilang banda, ang makabuluhang epekto ng pagpapahalaga sa AK sa pagkatuto ay nagpapahiwatig na ang pagkilala ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng AK ay may malaking ambag sa kanilang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino. Ang natuklasang ito ay kaayon ng pananaw nina Holmes et al. (2019) at Betihan (2025) na nagsabing ang teknolohiya ay nagiging mas mabisa sa edukasyon kapag kinikilala ito ng mga mag-aaral bilang mahalaga at kapaki-pakinabang sa kanilang pagkatuto.

## Talakayan

Inilalahad sa kabanatang ito ang buod ng mahahalagang natuklasan ng pag-aaral, ang mga konklusyong nabuo batay sa resulta ng pagsusuri, at ang mga rekomendasyong maaaring maging batayan ng mga kaugnay na hakbang, programa, at susunod pang pananaliksik.

### Buod

Layunin ng pag-aaral na ito na tukuyin ang makabuluhang epekto ng mga domeyn ng saloobin sa paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ng mga mag-aaral. Ginamit sa pananaliksik ang deskriptib-korelatib na disenyo upang maisakatuparan ang mga layuning ito. Kabuoang 335 mag-aaral ang naging kalahok ng pag-aaral. Ang datos ay nakalap sa pamamagitan ng talatanungan at sinuri gamit ang *mean, standard deviation (SD), Pearson correlation*, at *multiple linear regression analysis*.

Mula sa pagsusuri ng mga datos, nabuo ang sumusunod na buod:

1) Ang antas ng saloobin sa paggamit ng AK ay itinuring na lalong mataas. Sa mga domeyn nito, nanguna ang tiwala sa AK, sinundan ng pagpapahalaga sa AK sa pagkatuto, pagiging bukas sa paggamit ng AK, kaginhawaan sa paggamit ng AK, at kagustuhan at pagganyak. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral

ay may positibong pananaw, pagtanggap, at pagpapahalaga sa paggamit ng AK bilang bahagi ng kanilang pagkatuto. Inihahayag rin nito na kinikilala nila ang AK bilang isang kapaki-pakinabang at makabagong kasangkapan sa pagsasagawa ng mga akademikong gawain.

2) Ang antas ng paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ay tiningnang lalong mataas. Sa mga domeyn nito, nanguna ang pagiging komportable sa wika, sinundan ng pagpapalalim ng pagkatuto, pagkakaroon ng kumpyansa, pagtanggap sa terminolohiyang filipino, at pag-unawa sa Filipino terminolohiya. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay panatag, may kumpiyansa, at positibong tumatanggap sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino sa kanilang pagkatuto sa tulong ng AK. Inilalarawan rin ng resulta na nakatutulong ang AK sa pagpapalalim ng kanilang pag-unawa, paggamit ng wika, at akademikong pagkatuto sa Filipino.

3) Ipinahayag ng korelasyon na may makabuluhan ngunit napakahinang positibong ugnayan sa pagitan ng saloobin sa paggamit ng AK at paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na habang tumataas ang antas ng positibong saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng AK, bahagya ring tumataas ang kanilang antas ng paggamit ng mga terminolohiyang Filipino sa konteksto ng pagkatuto.

4) Ipinakita ng *regression analysis* na sa mga domeyn ng saloobin sa paggamit ng AK, ang tiwala sa AK at pagpapahalaga sa AK sa pagkatuto ang mga may makabuluhang epekto sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ng mga mag-aaral. Samantala, ang kaginhawaan sa paggamit ng AK, pagiging bukas sa paggamit ng AK, at kagustuhan at pagganyak ay hindi nagpakita ng makabuluhang epekto. Isinasaad ng mga resulta na mahalagang sangkap ang tiwala at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa AK sa pagpapaunlad ng paggamit ng mga terminolohiyang Filipino, bagama't ipinapahiwatig din ng mababang $R^2 = 0.079$ na may iba pang mga salik na maaaring makaapekto sa naturang baryabol.

**Mga Konklusyon**

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod na kongklusyon ay nabuo:

1) Ang antas ng saloobin sa paggamit ng AK ng mga mag-aaral ay ginagawa at namamasid nang madalas. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay may positibong pananaw, pagtanggap, at tiwala sa paggamit ng AK bilang bahagi ng kanilang pagkatuto. Nanguna sa mga domeyn ang Tiwala sa AK, sinundan ng pagpapahalaga sa AK sa pagkatuto, pagiging bukas sa paggamit ng AK, kaginhawaan sa paggamit ng AK, at interes at pagganyak. Inihahayag nito na kinikilala ng mga mag-aaral ang AK bilang isang kapaki-pakinabang at makabagong kasangkapan na maaaring makatulong sa kanilang mga akademikong gawain at pagkatuto.

2) Ang antas ng paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ng mga mag-aaral ay ginagawa at namamasid nang madalas din. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay komportable, may kumpiyansa, at positibong tumatanggap sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino sa tulong ng AK. Nanguna sa mga domeyn ang pagiging panatag sa wika, sinundan ng pagpapalalim ng pagkatuto, pagkakaroon ng kumpyansa, pagtanggap sa terminolohiyang Filipino, at pag-unawa sa terminolohiyang Filipino. Ipinahihiwatig nito na ang AK ay may mahalagang ambag sa pagpapaunlad ng paggamit ng Filipino sa akademikong konteksto.

3) Ipinakita ng korelasyon na may makabuluhan ngunit napakahinang positibong ugnayan sa pagitan ng saloobin sa paggamit ng AK at paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na habang tumataas ang antas ng positibong saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng AK, bahagya ring tumataas ang kanilang antas ng paggamit ng mga terminolohiyang Filipino. Bagama't may ugnayan ang dalawang baryabol, malinaw na may iba pang mga salik na maaaring makaapekto sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino.

4) Napatunayang may mga domeyn ng saloobin sa paggamit ng AK na may makabuluhang epekto sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ng mga mag-aaral. Partikular na lumitaw na makabuluhan ang tiwala sa AK at pagpapahalaga sa AK sa pagkatuto, samantalang ang kaginhawaan sa paggamit ng AK, pagiging bukas sa paggamit ng AK, at kagustuhan at pagganyak ay hindi nagpakita ng makabuluhang epekto. Ipinahihiwatig nito na hindi lahat ng aspekto ng saloobin sa AK ay may tuwirang ambag sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino, ngunit may ilang domeyn na may mahalagang papel sa pagpapaunlad nito.

Ang natuklasan sa pag-aaral na ito ay nagbibigay-bisa sa mga teoryang ginamit bilang saligan ng pananaliksik. Napatunayang may mga domeyn ng saloobin sa paggamit ng AK na may makabuluhang epekto sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino ng mga mag-aaral. Ang resultang ito ay sumusuporta sa Model of Acceptance Technology nina Davis (1989) at Venkatesh at Davis (2000), na nagsasabing ang saloobin ng isang gumagamit sa teknolohiya ay may epekto sa aktuwal na paggamit nito. Ipinahihiwatig nito na kapag positibo ang pananaw ng mga mag-aaral sa AK, mas nagiging malaki ang posibilidad na magamit nila ito sa pag-unawa at paggamit ng mga terminolohiyang Filipino.

Bukod dito, pinagtitibay rin nito ang Sociocultural theory ni Vygotsky (1978), na nagbibigay-diin sa mahalagang papel ng wika bilang kasangkapan sa pagkatuto at pagbuo ng kahulugan. Sa konteksto ng pag-aaral, inilalarawan na ang paggamit ng AK ay nagiging mas makabuluhan kapag naiuugnay ito sa terminolohiyang Filipino, na mas pamilyar at mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral. Gayundin, sinusuportahan din ng resulta ang Linguistic Relativity Theory nina Sapir at Whorf (1956), na nagsasabing ang wika ay may epekto sa paraan ng pag-iisip at pag-unawa ng tao. Ipinahihiwatig nito na ang paggamit ng mga terminolohiyang Filipino sa AK ay nakatutulong upang mas maging malinaw, makabuluhan, at mabisa ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay inilahad:

1) Hinihikayat ang mga mag-aaral na ipagpatuloy at higit pang paunlarin ang responsableng paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) bilang kasangkapan sa pagkatuto. Dapat nilang gamitin ang Artipisyal na Katalinuhan (AK) hindi lamang sa mabilisang pagsagot ng gawain kundi bilang pantulong sa pagpapalalim ng pag-unawa at pagpapahusay ng paggamit ng mga terminolohiyang Filipino. Hinihikayat din ang mga mag-aaral na maging kritikal sa paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) at tiyaking tama at angkop ang impormasyong kanilang ginagamit. Upang malimitahan ang labis na pag-asa sa AK, maaaring magtakda ang mga mag-aaral ng sariling patakaran tulad ng paggamit nito lamang sa bahagi ng pag-aaral na nangangailangan ng paglilinaw, at hindi bilang pangunahing pinagmumulan ng sagot.

2) Iminumungkahi sa mga guro sa Filipino ang makabuluhan at sistematikong integrasyon ng AK sa pagtuturo ng wikang Filipino. Maaaring gamitin ang Artipisyal na Katalinuhan (AK) bilang pantulong sa paglinang ng bokabularyo, pag-unawa sa terminolohiya, at pagpapalalim ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Mahalaga rin na gabayan ng mga guro ang mga mag-aaral sa wastong paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) upang mapanatili ang balanse sa pagitan ng teknolohiya at kritikal na pag-iisip. Upang malimitahan ang paggamit ng AK, maaaring magtakda ang mga guro ng mga gawaing may bahaging pinahihintulutan ang paggamit ng AK at may bahaging hindi ito pinahihintulutan, mag-atas ng pagpapaliwanag kung paano ginamit ang AK sa pagsagot, at magbigay ng mga gawaing nangangailangan ng personal na karanasan, malalim na pagsusuri, at orihinal na pagbuo ng idea na hindi madaling makuha mula sa AK lamang.

3) Nararapat na maglaan ang mga tagapamahala ng paaralan ng sapat na suporta at pasilidad upang mapalakas ang mabisang paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) sa loob ng paaralan. Kabilang dito ang pagkakaroon ng maayos na internet konekyson, digital na mapagkukunan, at mga programang magpapalakas sa kakayahan ng mga guro at mag-aaral sa paggamit ng makabagong teknolohiya sa edukasyon. Maaaring

ipatupad ang mga patakarang naglilimita sa paggamit ng AK sa ilang gawain, pagbuo ng mga gabay sa etikal na paggamit nito, at pagsasagawa ng sistema ng pagsubaybay upang matiyak ang wastong paggamit ng teknolohiya sa paaralan.

4) Mahalagang makabuo ang Kagawaran ng Edukasyon ng mga polisiya at programang pang-edukasyon na susuporta sa integrasyon ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) sa pagtuturo at pagkatuto, partikular sa asignaturang Filipino. Maaaring magsagawa ng mga pagsasanay, seminar, at pagbuo ng mga gabay upang matiyak ang responsable, etikal, at mabisang paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK) sa edukasyon. Bukod dito, maaaring maglatag ng pambansang balangkas na nagtatakda ng malinaw na limitasyon sa paggamit ng AK sa iba't ibang antas ng edukasyon at magbigay ng mga konkretong halimbawa kung paano ito gagamitin nang naaayon sa layunin ng pagkatuto.

5) Sa hanay ng mga tagapagsanay at tagapagsulong ng edukasyong pangwika, inirerekomenda ang pagdisenyo ng mga programa at materyales na magpapalakas sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino sa konteksto ng makabagong teknolohiya tulad ng Artipisyal na Katalinuhan (AK). Mahalaga ang kanilang papel sa pagpapaunlad ng wikang Filipino bilang buhay at dinamikong wika sa gitna ng digital na pagbabago. Maaari rin silang bumuo ng mga gabay at materyales na nagpapakita ng tamang hangganan ng paggamit ng AK upang mapanatili ang integridad ng paggamit ng wikang Filipino.

6) Sa mga susunod na mananaliksik, makabubuting magsagawa ng karagdagang pag-aaral na susuri sa iba pang salik na maaaring makaapekto sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino, dahil ipinahayag ng resulta na mababa lamang ang antas ng epekto ng saloobin sa paggamit ng AK. Maaaring isaalang-alang ang iba pang baryabol tulad ng antas ng kasanayan sa wika, pamamaraan ng pagtuturo, o uri ng paggamit ng AK, upang higit na mapalalim ang pag-unawa sa paksang ito.

**Pasasalamat**

Taos-puso kong ipinapahayag ang aking lubos na pasasalamat sa aking tagapayo sa pananaliksik, Dr. Rene Sultan, sa kanyang patnubay, suporta, at paghihikayat sa buong proseso ng pagbuo ng tesis na ito. Lubos din akong nagpapasalamat sa mga tagasuri ng talatanungan, sina Sir Sir. Raymond Aquino, Ma'am Estrellita Ramos, at Ma'am Nelia Madelo, sa kanilang oras at mahahalagang mungkahi upang higit na mapabuti ang pag-aaral na ito.

Ako ay nagpapasalamat sa mga mag-aaral ng baitang 10 ng Sta. Maria West District, Heracleo Casco Memorial High School sa kanilang kooperasyon at pakikilahok bilang mga respondente sa pag-aaral na ito.

Sa aking pamilya, lalo na kina Mama Moderna at Papa Primo Sr, kahit wala na kayo, subalit ang inyong mga aral ay aking sandata upang huwag agad sumuko sa anumang laban sa buhay maraming, salamat sa inyong pagmamahal, pag-aaruga, at walang sawang suporta sa bawat hakbang ng aking paglalakbay.

Sa aking mga kapatid Neit at Mary Grace, Taos-puso kong ipinapahayag ang aking pasasalamat sa aking mga kapatid sa kanilang patuloy na suporta, pag-unawa, at paghihikayat sa akin sa bawat yugto ng aking pag-aaral. Ang kanilang presensya at malasakit ay nagsilbing lakas at inspirasyon upang aking maipagpatuloy at matapos ang pananaliksik na ito sa kabila ng mga hamon at pagsubok.

Sa aking kapareha, si By Laly (aking pinakamamahal), hindi ko ito matatapos nang wala ang iyong paghihikayat, suporta, at pag-unawa.

Higit sa lahat, iniaalay ko ang gawaing ito sa Poong Maykapal bilang pasasalamat sa Kanyang patnubay, karunungan, at mga biyaya sa buong paglalakbay na ito.

**Talaan ng mga Sanggunian**

Betihan, R. (2025). Pag-gamit ng makabagong teknolohiya sa pag-aaral ng asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa ika-sampung baitang ng Sulu National High School. *Journal of Education and Academic Settings*, *2*(1), 1-15.

Canonigo, A. M. (2024). Levering AI to enhance students' conceptual understanding and confidence in mathematics. *Journal of computer assisted learning*, *40*(6), 3215-3229.

Chen, L., Chen, P., & Lin, Z. (2020). Artificial intelligence in education: A review. *IEEE access*, *8*, 75264-75278.

Chiu, T. K., Moorhouse, B. L., Chai, C. S., & Ismailov, M. (2024). Teacher support and student motivation to learn with Artificial Intelligence (AI) based chatbot. *Interactive Learning Environments*, *32*(7), 3240-3256.

Dalan, J.D.S (2023). Exploring the Promise: A Comprehensive Review of Artificial Intelligence Integration in Language Education in the Philippine Context.

Davis, F. D. (1989). Perceived usefulness, perceived ease of use, and user acceptance of information technology. *MIS Quarterly, 13*(3), 319–340.

Estaphan, S., Kramer, D., & Witchel, H. J. (2025). Navigating the frontier of AI-assisted student assignments: challenges, skills, and solutions. *Advances in Physiology Education*, *49*(3), 633-639.

Fitria, T. N. (2021). Artificial intelligence (AI) in education: Using AI tools for teaching and learning process. In *Prosiding seminar nasional & call for paper STIE AAS* (pp. 134-147).

Galgo, J. J., & Arbasto, M. L. L. (2025). Makabagong Sistema ng Pamamahala sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Filipino 11 ng Dagohoy National High School, Dagohoy, Bohol.

Gao, H. (2022). Online AI-Guided Video Extraction for Distance Education with Applications. *Mathematical Problems in Engineering*, *2022*(1), 5028726.

George, A. S. (2023). Preparing students for an AI-driven world: Rethinking curriculum and pedagogy in the age of artificial intelligence. *Partners Universal Innovative Research Publication*, *1*(2), 112-136.

Graziani, M., Dutkiewicz, L., Calvaresi, D., Amorim, J. P., Yordanova, K., Vered, M., ... & Müller, H. (2023). A global taxonomy of interpretable AI: unifying the terminology for the technical and social sciences. *Artificial intelligence review*, *56*(4), 3473-3504.

Jia, X. H., & Tu, J. C. (2024). Towards a new conceptual model of AI-enhanced learning for college students: The roles of artificial intelligence capabilities, general self-efficacy, learning motivation, and critical thinking awareness. *Systems*, *12*(3), 74.

Kirt, A., Santos, M. R., Dela Cruz, J. P., & Rahman, L. (2025). Artificial intelligence in education: Improving student engagement, sustained attention, and independent learning. *International Journal of Artificial Intelligence in Education and Learning, 14*(2), 112–126.

Lin, H., Wei, W., & Lu, H. (2025). Facilitator or barrier? A systematic review on the relationship between Artificial Intelligence technologies and the development of critical thinking skills. *Journal of*

*Educational Technology and Innovation*, *7*(2).

Loukamo, L. (2024). The effect of language on perceived ability to understand machine learning concepts.

Mendoza, M. L. (2025). Pagsusuri sa Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Replektibong Sanaysay. *Mountain Journal of Science and Interdisciplinary Research (formerly Benguet State University Research Journal)*, *85*(2), 83-97.

Mohajan, H. K. (2020). Quantitative research: A successful investigation in natural and social sciences. *Journal of Economic Development, Environment and People, 9*(4), 50–79.

Muthmainnah, Ibna Seraj, P. M., & Oteir, I. (2022). Playing with AI to investigate human-computer interaction technology and improving critical thinking skills to pursue 21st century age. *Education Research International*, *2022*(1), 6468995.

Pacol, J. (2023). E-BAKADA: Interaktibong Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino bilang Ikalawang Wika ng mga Banyagang Estudyante (E-BAKADA: An Interactive Tool for Teaching Filipino as a Second Language to Foreign Students). *The Normal Lights*, *17*(2).

Pulatovna, K. U. (2024). AI in Education: Enhancing Teacher-student Interactions and Motivation. *European Journal of Humanities and Educational Advancements*, *5*(1), 113-115.

Rassel, G. R., Berner, M., Healy, D., & Reames, B. N. (2020). *Research methods for public administration and nonprofit management* (4th ed.). Routledge.

Roberts, C. M. (2021). *The dissertation journey: A practical and comprehensive guide to planning, writing, and defending your dissertation* (4th ed.). SAGE Publications.

Salas-Pilco, S. Z., Xiao, K., & Oshima, J. (2022). Artificial intelligence and new technologies in inclusive education for minority students: A systematic review. *Sustainability*, *14*(20), 13572.

Sapir, E. (1929). The status of linguistics as a science. *Language, 5*(4), 207–214.

Tabuldan, M., Tipan, M. A., Beltran, J. K. N., Supremo Jr, M. E., & Viñas, J. V. (2024). Ang Tradisyon sa Paghahabi ng Banig: Isang Morpolohikal na Pagsusuri at Paglalarawan sa mga Leksikon. *COGNIZANCE JOURNAL OF MULTIDISCIPLINARY STUDIES Учредители: Zain Publications*, *4*(12), 100-110.

Touretzky, D., Gardner-McCune, C., & Seehorn, D. (2023). Machine learning and the five big ideas in AI. *International journal of artificial intelligence in education*, *33*(2), 233-266.

Umali, J. N. D. (2024). Artificial intelligence technology management of teachers, learners motivation and challenges encountered. *Educational Research (IJMCER)*, *6*(3), 821-880.

Venkatesh, V., & Davis, F. D. (2000). A theoretical extension of the technology acceptance model: Four longitudinal field studies. *Management Science, 46*(2), 186–204.

Villarino, R. (2024). *Rural Philippine College Students' Perspectives and Experiences on AI Tools in Education: A mixed-method research.*

Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes.* Harvard University Press.

Whorf, B. L. (1956). *Language, thought, and reality: Selected writings of Benjamin Lee Whorf.* MIT Press.

Xu, Z. (2024). AI in education: Enhancing learning experiences and student outcomes. *Applied and Computational Engineering*, *51*(1), 104-111.

Yuan, L., & Liu, X. (2025). The effect of artificial intelligence tools on EFL learners' engagement, enjoyment, and motivation. *Computers in Human Behavior*, *162*, 108474.

Yuasa, M., & Takeuchi, O. (2024). Strategic use of machine translation: A case study of Japanese EFL university students. *AILA Review*, *37*(2), 215-240.

Zawacki-Richter, O., Marín, V. I., Bond, M., & Gouverneur, F. (2024). New advances in artificial intelligence applications in higher education? *International Journal of Educational Technology in Higher Education, 21*, Article 32.

**Apendise A. Talatanungan**

Pamagat ng Pananaliksik: Saloobin ng mga Mag-aaral sa Artipisyal na Katalinuhan Ukol sa Paggamit ng mga Terminolohiyang Filipino

Panuto: Lagyan ng (✓) ang kahon na tumutugma sa antas ng iyong pagsang-ayon sa bawat pahayag gamit ang sumusunod na sukatan:

5 – Lubos na Sumasang-ayon
4 – Sumasang-ayon
3 – Hindi tiyak kung sumasang-ayon o hindi
2 – Hindi sumasang-ayon
1 – Lubos na hindi sumasang-ayon

**Unang Bahagi. Saloobin sa Paggamit ng Artipisyal na Katalinuhan (AK)**

| **Kaginhawaan sa Paggamit ng AK** | **5** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. Mas madali kong natatapos ang mga takdang-aralin kapag gumagamit ng AK. | | | | | |
| 2. Komportable akong gamitin ang AK sa pagkatuto ng asignatura. | | | | | |
| 3. Hindi ako nahihirapan sa paggamit ng AK sa paggawa ng proyekto o gawain sa klase. | | | | | |
| 4. Mas mabilis kong nauunawaan ang aralin kapag gumagamit ng AK. | | | | | |
| 5. Madali kong natutukoy ang mga tamang sagot gamit ang AK bilang gabay sa pagkatuto. | | | | | |
| **Tiwala sa AK** | | | | | |
| 1. Naniniwala akong makatutulong ang AK sa pagpapabuti ng aking pagkatuto. | | | | | |
| 2. May kumpiyansa akong gamitin ang AK sa paggawa ng mga akademikong gawain. | | | | | |
| 3. Pinagkakatiwalaan ko ang AK bilang kapaki-pakinabang na kasangkapan sa pagkatuto. | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 4. Tiwala ako na tama at maaasahan ang impormasyong ibinibigay ng AK. | | | | | |
| 5. Naniniwala akong makakatulong ang AK sa pagpapadali ng pagkatuto. | | | | | |
| **Pagiging Bukas sa Paggamit ng AK** | | | | | |
| 1. Bukas akong subukan ang bagong AK tools sa pagkatuto. | | | | | |
| 2. Handa akong gamitin ang AK bilang bahagi ng aking pang-araw-araw na pag-aaral. | | | | | |
| 3. Interesado akong matuto ng higit pa tungkol sa AK at kung paano ito makakatulong sa pagkatuto. | | | | | |
| 4. Komportable akong ipakita sa guro at kamag-aral ang paggamit ko ng AK. | | | | | |
| 5. Handa akong tanggapin ang AK bilang bahagi ng proseso ng pagkatuto. | | | | | |
| **Interes at Motibasyon** | | | | | |
| 1. Mas nagiging interesado akong matuto kapag gumagamit ng AK. | | | | | |
| 2. May motibasyon akong tapusin ang mga gawain gamit ang AK. | | | | | |
| 3. Nakakatulong ang AK upang mas maging aktibo ako sa klase. | | | | | |
| 4. Ang paggamit ng AK ay nagpapataas ng aking motibasyon sa pagkatuto. | | | | | |
| 5. Mas gusto kong gumamit ng AK kaysa sa tradisyonal na pamamaraan sa ilang gawain. | | | | | |
| **Pagpapahalaga sa AK sa Pagkatuto** | | | | | |
| 1. Naniniwala akong mahalaga ang AK sa pagpapalalim ng aking kaalaman. | | | | | |
| 2. Nakakatulong ang AK sa pagpapabilis at pagpapadali ng pagkatuto. | | | | | |
| 3. Pinapahalagahan ko ang AK bilang kapaki-pakinabang na kasangkapan sa pag-aaral. | | | | | |
| 4. Ang AK ay makatutulong sa akin na mas maunawaan ang aralin. | | | | | |
| 5. Naniniwala akong magiging bahagi ng kinabukasan ng edukasyon ang AK. | | | | | |

**Ikalawang Bahagi: Paggamit ng mga Terminolohiyang Filipino**

| Pag-unawa sa Filipino Terminolohiya | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. Mas nauunawaan ko ang kahulugan ng mga terminolohiyang Filipino kapag ginagamit ang AK. | | | | | |
| 2. Mas madali kong natututuhan ang mga bagong salita sa Filipino gamit ang AK. | | | | | |
| 3. Nakakatulong ang AK sa pagpapalalim ng aking kaalaman sa wikang Filipino. | | | | | |
| 4. Mas malinaw ang paggamit ng terminolohiyang Filipino kapag may AK na gabay. | | | | | |
| 5. Mas napapalakas ang aking pag-unawa sa Filipino sa tulong ng AK. | | | | | |
| **Pagkakaroon ng Kumpyansa** | | | | | |
| 1. Mas tiwala ako sa paggamit ng mga terminolohiyang Filipino sa klase kapag gumagamit ng AK. | | | | | |
| 2. Nakakaramdam ako ng kumpiyansa sa paggawa ng mga akademikong gawain gamit ang Filipino at AK. | | | | | |
| 3. Handa akong ipakita ang aking kaalaman sa Filipino kapag may tulong ng AK. | | | | | |
| 4. Mas maayos kong nagagamit ang mga tamang salita sa Filipino sa tulong ng AK. | | | | | |
| 5. Mas komportable akong magsalita at sumulat sa Filipino gamit ang AK. | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Pagiging Komportable sa Wika** | | | | | |
| 1. Mas madali kong naisasaayos ang mga idea sa Filipino gamit ang AK. | | | | | |
| 2. Komportable akong gumamit ng Filipino sa paggawa ng proyekto at takdang-aralin gamit ang AK. | | | | | |
| 3. Mas nagiging natural ang paggamit ko ng wika sa AK na pantulong na gawain. | | | | | |
| 4. Mas nagiging madali ang pakikipagkomunikasyon sa Filipino sa tulong ng AK. | | | | | |
| 5. Mas naipapahayag ko nang malinaw ang aking mga idea sa Filipino sa tulong ng AK. | | | | | |
| **Pagtanggap sa Terminolohiyang Filipino** | | | | | |
| 1. Bukas akong gamitin ang mga bagong terminolohiyang Filipino sa klase gamit ang AK. | | | | | |
| 2. Handa akong tanggapin ang pagbabago sa paggamit ng wika sa tulong ng AK. | | | | | |
| 3. Mas positibo ang pananaw ko sa paggamit ng Filipino sa mga gawain sa klase kapag may AK. | | | | | |
| 4. Mas tinatanggap ko ang mga terminolohiyang Filipino bilang bahagi ng pagkatuto sa AK. | | | | | |
| 5. Nakikita ko ang kahalagahan ng terminolohiyang Filipino sa pagtuturo at pagkatuto gamit ang AK. | | | | | |
| **Pagpapalalim ng Pagkatuto** | | | | | |
| 1. Nakakatulong ang paggamit ng terminolohiyang Filipino sa AK upang mas malalim ang aking pagkatuto. | | | | | |
| 2. Mas nauunawaan ko ang mga konsepto sa Filipino kapag ginagamit ang AK. | | | | | |
| 3. Mas napapahusay ang aking kaalaman sa Filipino sa tulong ng AK. | | | | | |
| 4. Mas aktibo akong natututo sa pamamagitan ng pagsasanay gamit ang Filipino at AK. | | | | | |
| 5. Nakakatulong ang AK sa pagbuo ng mas malalim at mas kumpletong pag-unawa sa Filipino. | | | | | |